

Labing-Isang Katibayan
Tungkol Kay Hesus (عليه السلام)
At sa Kanyang Ina (Maria)
Mula sa Bibliya at sa Mga Katuruan ng Islam

Tinipon ni Majed S. Al-Rassi

Buwan ng Oktubre, taong 2014

Katiyakan!

**Ang buhay dito sa mundo ay isang pagsusulit
Na nangangailangan ng iyong ganap at masusing
pagsasaalang-alang para sa anumang maghahatid sa
iyo sa huling hantungan.**

**Tanging Ang Tamang Pananampalataya at Mga
Mabubuting Gawa Kaakibat ng Habag Mula sa Allah
ang Iyong Daan Tungo sa Kaligtasan
(Muhammad Sherif)**

Ang Mga Nilalaman

Tungkol sa Salitang 'Panginoon'	5
Tungkol sa Salitang 'Allah'	6
Ang Panimula.....	7
Ang Labing-Isang Katibayan Tungkol	
Kay Hesus (عليه السلام) at sa Kanyang Ina (si Maria) Batay sa Mga Katuruan ng Islam.....	9
<ol style="list-style-type: none"> 1. Ang Katayuan ni Hesus sa Islam 2. Ang Pinagmulan ng Kanyang Lahi 3. Ang Katayuan ni Maria 4. Ang Magagandang Balita Tungkol Kay Hesus 5. Ang Pagsilang Kay Hesus 6. Ang Mga Himala ni Hesus 7. Ang Mga Katangian ni Hesus Bilang Tao 8. Ang Pagiging Propeta ni Hesus' 9. Ang Layon ni Hesus 10. Ang Pag-akyat ni Hesus' sa Langit 11. Ang Pagbabalik ni Hesus sa Lupa 	
Ang Panawagan sa Katuwiran	42

Ito Na Iyon	44
Ang Udyok	46
Paano Ba Maging Isang Muslim?	50
Ang Kabuuan Nito	57
Ang Mga Sinangguniang Aklat [O Mga Pinagkuhanang Aklat].....	58
Ang Mga Karagdagang Pahina	60
Talasalitaan/Talahulugan.....	64

Ang Mga Katagang Paggalang Sa Aklat Na Ito

(سبحانه و تعالى)	Subhana wa Ta'ala. Ito ay ginagamit [o binibigkas] pagkaraang banggitin ang pangalan ng Allah upang dakilang [at papurihan]: Siya ang Maluwalhati, ang Kataas-taasan.
(صلى الله عليه وسلم)	Sallalaah alayhi wa salaam. Sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan; ginagamit [at binibigkas] pagkaraang banggitin ang pangalan ni Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم)
(عليه السلام)	Alayhi salaam. Sumakanya nawa ang kapayapaan; ito ay ginagamit [o binibigkas] pagkaraang banggitin ang isang Propeta o banggitin ang Anghel Gabriel.
(رضي الله عنه)	Radhi Allahu anhu. Ito ay ginagamit [o binibigkas] pagkaraang banggitin ang isang lalaking kasamahan ni Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم)
(رضي الله عنها)	Radhi Allahu anha. Ito ay ginagamit [o binibigkas] pagkaraang banggitin ang isang babaing kasamahan ng Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم)

Ang Paliwanag Tungkol Sa Salitang ‘Panginoon’

Ang salitang Panginoon sa wikang Ingles ay mayroong mga iba’t ibang magkakaugnay na kahulugan. Ang pinagmulang kahulugan nito ay ‘maestro’ o ‘tagapangasiwa [o namumuno] at sa ganitong pananaw, ito ay kadalasang tumutukoy sa tao: halimbawa ang *Panginoon ng Palasyo*’ o ‘*Panginoon ni ganito o ganoon*’ (tulad ng mga pagkilala sa mga dugong-bughaw [*royal family*] sa *United Kingdom*, halimbawa). Nguni’t ang salitang *Panginoon* na may malaking titik na **P** ay ginagamit sa talahulugan [o diksiyunaryo] ng Islam bilang pantukoy para sa Isa at Tanging Diyos – Allah (سبحانه و تعالیٰ). Sa Islam, hindi nasasangkot sa kalituhan [o kaguluhan] ang kahulugan ng salitang ito. Bagaman totoo na maaaring may pagkakataon na ginagamit ang salitang Panginoon [maging ito man ay malaking titik o maliit na titik] upang tukuyin ang isang tao. Sa Islamikong talakayan [pag-uusap man at pananalita] ang pagtukoy [o pagbanggit] ng salitang ito ay lagi nang malinaw [at tiyak] mula sa kaugnay na kahulugan nito. Ngunit para sa mga Kristiyano, sa mga Hindu at sa mga ibang sumasamba sa mga itinuturing nilang mga diyos, ang salitang Panginoon na may malaking titik **P** ay maaaring tumutukoy sa Allah, kay Hesus, o sa mga ibang inaakalang diyos. Para sa mga Muslim hindi maaaring maging pang-maramihang pangngalan ang

salitang Panginoon. Tanging ang Allah (سبحانه و تعالی) lamang ang Panginoon, at ang Panginoon ay ang Allah (سبحانه و تعالی) – hindi si Hesus, hindi si Rama, at hindi rin ang alinmang [o sinumang] nilikha.

Ang Patnugot

Ang Paliwanag Tungkol sa Salitang 'Allah'

Bagaman ang salitang ‘*diyos*’ ay kadalasang ginagamit sa aklat na ito nang halinhinan para sa salitang Allah, mayroon itong pagkakaiba. Ang ‘*Allah*’ ay isang salitang arabe na isinalin bilang ‘Diyos’. Nguni’t ang Allah’ ay mayroong higit na tiyak [wasto at ganap] na kahulugan kaysa sa salitang diyos. Ang ‘Allah’ ay hindi lamang isang katagang arabe para sa diyos, bagkus ang salitang-ugat ng salitang Allah ay ‘*ilâh*, na ang kahulugan ay ‘isang diyos’. Maraming di-mabilang na diyos, ang kinikilala ng mga iba’t ibang tao nguni’t ang tanging Nag-iisang tunay na diyos ay ang **Allah** (سبحانه و تعالیٰ). Ang salitang Allah ay may literal na kahulugang ‘ang sinamba’. Kaya, ang pantanging pangalan para sa **Nag-iisang dapat pag-ukulan ng pagsamba** ay ang Tunay na Tagapaglikha sa buong sanlibutan. Sa pagsambit ng salitang ‘Allah’, ang mga Muslim ay tuwirang itinatakwil o tinatalikdan ang bawat iba pang sinasamba ng mga tao bukod sa Allah (سبحانه و تعالیٰ). Ang pangalang Allah ay Siyang tinutukoy ng Diyos para sa pagtukoy sa Kanyang Sarili sa Banal na Qur’an¹, at paano rin Siya tukuyin ng Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم). Samakatuwid, sa aklat na ito, ang

¹ Ang Qur’an ay ang Banal na Aklat o Kasulatan na ipinahayag kay Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) bilang patnubay sa lahat ng mga nilikha.

katagang ‘Allah’ ay kalimitang ginagamit sa pagtukoy sa Isa at Tanging diyos na dapat sambahin.

Ang Pambungad

Ang Dakilang Allah (سبحانه و تعالی) ay pinakamabait, ang pinakamahabagin. Hindi Niya iniwan ang mga tao upang mapaligaw. Katunayan, Kanyang isinugo ang mga propeta upang ipaliwanag sa sangkatauhan ang mahalagang dahilan kung bakit sila ay nilikha, [at ipinaliwanag din] kung ano ang Kanyang karapatan sa kanila [bilang kanilang Panginoon], ano ang mga karapatan ng mga tao sa Kanya, ano ang Kanyang mga Katangian, paano Siya dapat sambahin, at ano ang katotohanan sa likod ng kamatayan, at ano ang mangyayari pagkaraan ng kamatayan: Paraiso para sa mga sumusunod sa Kanyang mga Sugo [at Propeta] at Impiyerno para sa mga sumusuway [at hindi sumusunod].

Ang Dakilang Allah (سبحانه و تعالی), na Siyang pinakamabait at Tigib ng Karunungan ay hindi Niya hinayaang ang mga tagasunod ni Hesus (عليه السلام) ay manatiling magdusa habang panahon, maghiwa-hiwalay at hindi magkasundo sa kanilang pagitan tungkol sa kanyang tunay na katauhan. Katiyakan, isinugo ng Dakilang Allah (سبحانه و تعالی) si Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) upang ipahayag at bigyang linaw ang katotohanan at lubos na lutasin ang anumang itinuturing ng mga tao bilang misteryong naganap sa buhay ni Hesus (عليه السلام) na nagdulot ng

isang malaking dahilan ng kanilang mga pagsasalungatan [at di-pagkakaunawaan].

Ang abang aklat na ito ay magbibigay nang linaw sa katauhan ng isang dakilang propeta, si Propeta Hesus (عليه السلام), ang anak ni Maria. Iniisa-isang sinuri nito ang kanyang mga katangian, at binigyang-linaw ang lahat ng mga pag-aalinlangan tungkol sa kanyang katauhan sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga mambabasa ng mga mapananaligang batayan sa Bibliya at sa mga ibang pinagkuhanang patunay mula sa mga katuruan ng Islam. Ito ay sinusupportahan ng mga teoretikal at makatuwirang katibayan na umaakay sa katatagan ng tamang pananaw para sa isang matalinong mambabasa na hindi kailangang humantong sa anupamang kalabisan at kalihisan.

Bago ko iwanan sa inyo ang aklat na ito, nais kong pasalamatang ang lahat ng mga kinikilala [at iginagalang] na iskolar na nagbigay sa aking ng pagkakataon upang matutunan at malawak na sipiin ang mga mahahalagang kaalamang nakaugnay sa paksang ito mula sa kanilang mga aklat lalo na kina Dr. Jamal Badawi, Dr. Bilal Philips, Dr. Ahmed Deedat, Dr. Naji Arfaj at sa kapatid na si Muhammad bin Abdullah Caraballo. Ang aking munting bahagi ay isang pinagtipunang

mga paliwanag mula sa kanilang mga kapaki-pakinabang na aklat, at mga lathalain.

Sa pamamagitan ng maikling paunang salitang ito, aking iiwan sa inyo ang aklat na ito upang ito ay inyong basahin nang mabuti.

Gumagalang,

Majed S. Al-Rassi

Author: Majed S. Al-Rassi

Mobile: 00966(0)505906761,

e-mail: majed.alrassi@gmail.com

Labing-isang Katibayan Tungkol kay Hesus (عليه السلام) at sa Kanyang Ina sa Katuruan ng Islam

Higit na pinagtuunan ng Qur'an ang mahalagang aspeto ng kanyang pagkasilang kasama ng kanyang mga himala, ang kanyang layunin at ang kanyang pag-akyat sa langit. Ang salaysay ng Qur'an sa pangangaral ni Hesus (عليه السلام) ay nagpatunay nang halos lahat ng kanyang mga himala na binanggit sa Bibliya at maging ang mga himalang hindi nabanggit rito. Ang ating kaalamang tatalakayin tungkol kay Hesus (عليه السلام) ay maaaring hatiin sa dalawang paksa: ang kanyang katauhan at ang kanyang mensahe. Ang labing-isang katibayan [at katotohanan] ay isa-isang binigyang-linaw sa ibaba:

1. Ang Katayuan ni Hesus (عليه السلام) sa Islam

Ang Islam ay nagtuturo na si Hesus (عليه السلام) ay isa sa mga Propetang binigyan ng mataas na karangalan nang dahil sa kanyang pagpupunyaging ipalaganap ang salita ng Allah (سبحانه و تعالی). Ipinakikita ng Islam ang tunay na diwa ng pagmamahal sa kanya at sa kanyang butihing ina, si Maria. Walang isa mang maliit na kapintasan laban kay Propeta Hesus (عليه السلام) o alinman sa ibang mga propeta ang matatagpuan sa buong

Qur'an o sa ibang panitikang Islam o sa mga aklat ng kasaysayan ng Islam. Isang katibayan ng pagkilala [at pagdakila] para kay Hesus (عليه السلام) at sa kanyang ina ay katotohanang binanggit sa tatlong kabanata ng Banal na Qur'an: Kabanata 3, 4 at 19. Katunayan, ang isang buong kabanata ng Qur'an 19, ay ipinangalan kay Maria [Maryam sa wikang Arabe]' bilang pagpaparangal sa kanya.²

Isa pang katibayan ng pagdakila ay ang katotohanang pangalan ni Hesus (عليه السلام) ay binanggit nang 25 ulit sa Banal na Qur'an; samantalang ang pangalan ni Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) ay binanggit nang apat na ulit lamang. Ito ay pagpapatunay na pinararangalan ng Islam ang lahat ng Propeta sapagka't ang kanilang mensahe ay nag-iisa; hindi nito itinatakwil ang isang propeta sa pagdating ng isa pang propeta.

Si Hesus (عليه السلام) ay tinukoy sa Banal na Qur'an nang may iba't ibang katayuan [o karangalan], Tinawag siyang **Ibn Maryam** (anak na lalaki ni Maria), ang **Mesiyas**, 'Abdullâh

² Dapat isaalang-alang ng mga mambabasa na ang karangalang ito ay hindi naipagkaloob kay Birhen Maria sa Bagong Tipan [ng Bibliya]. Wala sa mga aklat na ito ang ipinangalan kay Maria o sa kanyang anak na si Hesus.

Matutunghayan din na walang isang mang kabanata sa Qur'an ang ipinangalan sa sinumang anak o sa alinmang asawa ni Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم).

(alipin ng Allah),³ at **Rasool Allâh** (bilang isa sa mga Sugo ng Allah).

Ang pagdakila at pagpaparangal na ito ay sumang-ayon sa naiulat na sinabi ni Hesus (عليه السلام) sa Bibliya **Juan 16:14**⁴ Isinasalaysay niya ang propetang darating pagkaraan niya at sinabi niyang: “**Ako ay kanyang pararangalan.**”

2. Ang Pinagmulan Ng Kanyang Lahi

Ang salaysay ng Qur'an tungkol kay Hesus (عليه السلام) ay nagsimula sa kasaysayan ng kanyang lola [o ang ina ni Maria].

Nang siya [ang Ina ni Maria] ay ipinagdalang-tao [sa kanya, (kay Maria)], ito ay nangako [at nagbigay ng panata] na kanyang ilalaan ang kanyang anak na kanyang isisilang para sa pagsamba sa Allah (سبحانه و تعالی) at paglilingkod sa pamamagitan ng pananatili sa Herusalem.

³ Ang kahulugan ng pagpapaalipin ay nakaugnay sa kahulugan ng pagsamba, nang ganap na pagtalima at lubusang pagsunod sa mga kautusan ng Allah batay sa Kanyang paniniwala, mga layunin, mga salita at mga gawa. Ito ay maaaring matamo sa pamamagitan ng pagpupunyaging gumawa ng anumang ikinalulugod ng Allah, pag-iwas sa anumang Kanyang ipinagbabawal at pagsamba sa Kanya nang ayon sa Kanyang mga aral. Ito ang tunay na kahulugan ng pagsamba sa Allah o pagpapaalipin sa Allah sa Islam. Naway' bigyan ng kakayahan ng Allah ang kanyang mga tagasunod upang kanilang matamo ang antas na ito ng pagsamba. Ameen.

⁴ Hinango mula sa New International Version (NIV) at King James Version (KJV).

Si Maria ay lumaking mabuti at matwid. Inialay niya ang kanyang sarili sa pagsamba sa Allah (سبحانه و تعالى) at siya ay tuwirang binibigyan ng pagkain mula sa Kanya. Samakatuwid, walang kababalaghan kung bakit siya ay napili upang maging ina ni Hesus (عليه السلام). Ang Qur'an ay nagbigay ng pahayag hinggil dito:

Qur'an 3:35-37 “[Banggitin mo, O Muhammad] nang ang asawa ni Imran⁵ ay nagsabi: “Aking Panginoon, katotohanan aking ipinangako po sa Iyo ang anumang nasa aking sinapupunan, na aking iaalay po [para sa paglilingkod⁶ sa Iyo] kaya tanggapin Mo po ito mula sa akin. Katotohanan, Ikaw ang Lubos na Nakaririnig, ang Maalam.” Kaya, nang siya ay magsilang sa kanya [sa sanggol na si Maria], siya ay nagsabi: “Aking Panginoon, ako po ay nagsilang ng isang [batang] babae. At ang Allah ang higit na nakaaalam sa anumang kanyang isinilang. At ang lalaki ay hindi katulad ng babae [sa paglilingkod] at siya ay aking pinangalanang Maria at ako po ay humihingi ng kanlungan [sa Iyo] para sa kanya at sa kanyang magiging mga supling laban sa satanas, ang isinumpa.”⁷

⁵ Ang mga magulang ni Maria ay sina Imran at Hannah Bint Faqoud. Si Hannah ay hindi nagka-anak sa mahabang panahon. Sa kanyang mataimtim na panalangin, siya ay pinagkalooban ng anak [si Maria]. Bilang panata, si Maria ay kanyang inialay sa paglilingkod sa Dakilang Allah sa ilalim ng pangangalaga ng kanyang amaing si Zakariyya.

⁶ Ang kanyang paglilingkod sa Herusalem.

⁷ Sa pagsasalaysay ni Abu Hurayrah, si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: “Bawa’t

Kaya, siya ay tinanggap ng kanyang Panginoon nang may mabuting pagtanggap. At siya ay pinalaki sa kagandahang-asal at siya ay inilagay sa pangangalaga ni Zakarias.⁸ Sa tuwing papasok sa silid-dalanginan si Zakarias [upang siya ay dalawin], dinaratnan niyang mayroong pagkain. Siya [si Zakarias] ay nagsabi: “O, Maria, saan mo kinuha ang mga [pagkaing] ito?” Siya [si Maria] ay nagsabi: “Ito ay nanggaling sa Allah. Katotohanan, ang Allah ay nagbibigay [ng panustos] sa sinumang Kanyang nais nang walang takdang bilang [o sukat].”

Kaaya-ayang bigyang-pansin na nang ang ina ni Maria ay nagsilang ng kanyang anak, siya ay bahagyang nakaramdam ng kabiguan nang siya ay hindi pingkalooban ng isang anak na lalaki. Ito ay sa dahilang lagi niyang kinalulugdan para sa kanyang anak ang ilaan ang sarili nito para sa pagsamba sa Allah (سبحانه و تعالیٰ). Nguni't, ang hindi niya nalalaman, ang batang ito ay magiging lubhang mabuti at siya ang magiging ina ni Hesus. Ito ay higit na mabuti para sa kanya [sa ina Maria] kaysa sa isang anak na lalaki. At sinabi ng Allah (سبحانه و تعالیٰ): ***Qur'an* 3:36 “...at higit na nababatid ng Allah kung ano ang kanyang isinilang...”**

3. Ang Katayuan ni Maria

bagong silang na sanggol ay hinahawakan ng satanas. At ang sanggol ay magsisimulang umiyak nang dahil sa kanyang paghawak maliban kay Maria at sa kanyang anak [si Hesus].” [*Tafsir Ibn Kathir, vol 2. pahina 150*]

⁸ Zakarias o Zakariyya sa wikang Arabe.

Si Maria, ina ni Hesus, ay mayroong mataas na kalagayan [o karangalan] sa Islam. Ang kanyang kasaysayan ay isang mahalagang bahaging binanggit nang maraming ulit sa Qur'an. Si Maria ay binanggit nang 31 ulit sa Qur'an, at katunayan, ang isang buong kabanata ng Qur'an ay ipinangalan sa kanya. Ito ay isang karangalan na maging ang mga asawa o pamilya ay hindi nabigyan nang gayong pagpaparangal. Bagaman mayroong mga kasaysayan at mga salaysay sa Qur'an tungkol sa ibang mga kababaihang nagtataglay nang matibay na pananampalataya, at mga ibang pagpapahalaga sa kasaysayan mula sa tatlong relihiyong nakaugnay kay Propeta Abraham, wala nang iba pang pangalan maliban kay Maria ang binanggit.

Ang Allah (سبحانه و تعالیٰ) ay nagsabi batay sa Kanyang kapahayagan:

Qur'an 3:42-44 “At [banggitin] nang sabihin ng mga anghel: “O Maria, katotohanan, ikaw ay pinili ng Allah, ikaw ay ginawang dalisay at ikaw ay pinili nang higit sa mga kababaihan’ sa lahat ng mga nilikha [sa sangkatauhan]. O Maria, ikaw ay maging masunuring tapat sa iyong Panginoon at ikaw ay magpatirapa at yumukong

⁹ At ayon sa pagtatala ni Ibn Jarir, isinalaysay ni Abu Musa Al Ash'ari na sinabi ng Sugo ng Allah ﷻ na: “Maraming lalaki ang nakaabot sa ganap na Eeman [pananampalataya] at (ngunit) sa mga babae, sina Maria, anak na babae ni Imran [ina ni Hesus], Asiyah, na asawa ni Fir'aun (Paraon) ang nakatamo ng kaganapan sa pananampalataya.”

kasama ng mga nagsisiyuko [sa pagdarasal]. Iyan ay nagmula sa mga balita ng *Ghaib* [o di-nakikitang bahagi ng pangyayari] na Aming ipinahayag sa iyo [O Muhammad].”

Ang Balita Tungkol Kay Hesus (عليه السلام)

Nang si Maria ay umabot na sa wastong gulang, ipinagbigay-alam sa kanya ang tungkol sa kanyang karangalan sa pamamagitan ng pagkakaroon niya ng isang anak na lalaki bago pa man niya isilang ito. Ang anghel Gabriel (عليه السلام), ay lumitaw sa kanyang harapan na may dalang magandalang balita tungkol dito para sa kanya. Isinalaysay ng sumunod na talata ng Qur'an ang pag-uusap nina Maria at ng Anghel Gabriel:

***Qur'an 3:45-47* “[At banggitin] nang sabihin ng mga anghel: “O Maria, katotohanan, ang Allah ay nagbibigay sa iyo ng magandang balita ng isang salita mula sa Kanya na ang kanyang pangalan ay *Mesiyas*, si Hesus, ang anak ni Maria. At [siya ay] pinarangalan sa mundong ito at sa kabilang buhay. At [siya ay] mabibilang sa mga malalapit [sa Allah]. At siya ay magsasalita sa mga tao sa [kanyang] duyan¹⁰ [kamusmusan] at kagulangan. At siya ay mabibilang sa [hanay ng] mga matwid.” Siya [si Maria] ay nagsabi: “Aking Panginoon, paano po ako magkakaroon ng**

¹⁰ Ang duyan na tinukoy dito ay katulad ng isang kuna at hindi ito katulad ng karaniwang duyan na ating nakikita na may lubid sa magkabilang dulo para sa pag-uugoy o pag-iwi ng bata.

anak [na lalaki] gayong wala namang lalaking sumaling sa akin? [Ang anghel ay] nagsabi: “[Kahit na] ganyan ang Allah, lumilikha ng anumang Kanyang nais. Kapag Kanyang itinakda ang isang pangyayari [o bagay], Kanyang sasabihin lamang dito: ‘Maging, kaya mangyayari nga.’”

Ang Pagkasilang kay Hesus (عليه السلام)

Ipinagbuntis ni Maria ang sanggol na [si Hesus] nang may kaakibat na himala (ang unang himala) at siya ay nagtungo sa isang malayong pook na kung saan siya ay naghintay para sa pagsilang ng kanyang anak. Ang kagila-gilalas na kasaysayang ito ay isinalaysay sa atin sa Surah [Kabanata Bilang] 19 ng Banal na Qur’an, na pinamagatang Maryam (Si Maria):

Qur’an 19:22-26 “Kaya siya ay nagdalang-tao sa kanya [kay Hesus] at siya ay humayong nagtungo sa isang malayong pook. At ang sakit [na dala] ng kanyang panganganak ay naghatid sa kanya sa isang puno ng datiles. Siya ay nagsabi [habang nanganganak]: ‘Sana ako ay namatay na bago pa man [dumating ang pangyayaring] ito at ako ay nabaon na sa limot.’” Kaya, siya [si Maria] ay tinawag niya¹¹ mula sa ibaba ng kanyang [paanan], [at nagsabing]: “Huwag kang malungkot! Sa katunayan, ang iyong Panginoon ay gumawa ng isang umaagos na bukal [ng tubig] sa [bahaging] ibaba [ng iyong paanan]; “At yugyugin

¹¹ Ayon sa paliwanag [Tafsir] ng ibang ng mga mapananaligang maalam [o iskolar] ang tinutukoy dito ay si Hesus o ang Anghel Gabriel [o alin sa dalawa].

mo ang puno ng datiles na nasa iyong harapan, ihuhulog nito sa iyo ang hinog na sariwang bungang-datiles.” “Kaya, ikaw ay kumain at uminom at masiyahan, at kung ikaw ay makakita ng sinumang tao, [ito ang iyong] sabihin: “Katotohanan, ako ay nagpanata ng isang pag-aayuno [bilang pagsunod] sa Mahabagin [Allah] kaya ako ay hindi makikipag-usap sa sinumang tao sa araw na ito.”

Nilikha ng Allah si Adan na walang kinasangkutan lalaki o babae samantalang si Eba ay nilikha mula sa tadyang ng isang lalaki [si Adan]. Nilikha Niya ang nalalabing sangkatauhan - ang lalaki at babae mula sa pagtatalik ng isang lalaki at babae. At mula sa pagtatalik ng isang lalaki at babae, ito ay maaaring magsilang ng mga lalaki o ng mga babae, o maaari din namang mga lalaki lamang, mga babae lamang o, kung ang isa sa kanila o sila ay kapwa baog, walang anak ang isisilang. Siya ang Tagapaglikha at Ganap na Makapangyarihan. Ang paglikha kay Hesus mula sa isang babae nguni't walang kinasangkutan lalaki, ay naaayon sa magandang kaisipan [at ganap na karunungan ng Allah] na Siya Allah ay lumilikha ng sinumang at sa paano mang kaparaanang Niya naising likhain. Samakatuwid, ito ay hindi mahirap unawain, paniwalaan at tanggapin. Ang kahalintulad ni Hesus sa paningin ng Allah ay tulad ni Adan; siya [si Adan] ay Kanyang nilikha mula sa

alabok, pagkaraan ay naglayon at nagsabi sa kanya na: “Maging’ at “nangyaring ngang siya ay nalikha.”

4. Ang Mga Sunud-sunod na Himala ni Hesus (عليه السلام).

Si Propeta Hesus (عليه السلام) ay pinagkalooban ng kakayahang magpakita ng maraming himala. Ito ay nagpatunay para sa kanyang sinabi na siya ay isang propetang isinugo ng Dakilang Allah (سبحانه و تعالی). Matatagpuan sa kapahayagan ng Banal na Qur’an na ang Dakilang Allah (سبحانه و تعالی) ay nagsabi:

Qur’an 2:87 “... At Aming ipinagkaloob kay Hesus na anak ni Maria, ang mga malilinaw na katibayan [o himala] at siya ay Aming pinatatag ng Banal na Espiritu.¹² ...”

Ang mga Muslim ay hindi nag-aalinlangan para tanggapin ang katotohanang si Hesus (عليه السلام) ay nakagawa ng mga himala. Subali’t, magkagayunman, hindi itinataas ng mga Muslim ang kalagayan ni Hesus sa katayuan ng pagiging Diyos o siya ay hindi rin itinuring bilang anak ng Diyos’. Hindi siya isinasaalang-alang nang higit sa anupamang bagay bagkus siya

¹² Ang tinutukoy na Banal na Espiritu o ang tinatawag na *Ruh-ul-Qudus* ay ang Anghel Gabriel.

ay kinikilala bilang isang marangal na Sugo at Propeta ng Allah.

Ganyan din ang kanilang pagturing sa lahat ng propeta sapagka't karamihan sa kanila ay pinagkalooban ng magkakaibang himala.

Ang unang himalang iniugnay kay Hesus (عليه السلام) ay ang pagkakasilang sa kanya mula sa isang babae [ina] nang walang kinasangkutanang lalaki [o ama]. Ang Allah (سبحانه و تعالی) ay nagbigay na kautusan sa pamamagitan ng salitang pautos na '**Maging**' at nangyari ngang siya ay nalikha sa gayong makapangyarihang salita Niya.

Binanggit ng Qur'an ang pagkakalikha kina Adam at Hesus sa himalang pamamaraan. Ang Allah (سبحانه و تعالی) ay nagpahayag:

***Qur'an 3:59* “Katotohanan, ang kahalintulad ni Hesus sa [pagkalikha sa kanya ng] Allah ay tulad ni Adan. Siya ay Kanyang nilikha mula sa alabok pagkaraan [ang Allah] ay nagsabi sa kanya: “Maging, kaya nangyari nga.”¹⁸**

Binanggit ng Qur'an na ang himalang pagsilang ni Hesus' ay walang pagbabago sa kanyang kalagayan bilang isang tao; na siya ay hindi taong naging diyos o siya ay anak na lalaki ng diyos [Allah]. Ito ay sa dahilang kung si Hesus (عليه السلام) ay

isinilang na walang ama, samakatuwid si Adan ay higit na may karapatan sa gayong karangalan sapagkat siya ay nilikha nang walang namamagitanang ama at ina.

Ang isa pang himala na ipinagkaloob ng Allah (سبحانه و تعالی) kay Hesus (عليه السلام) ay ang kakayahan niyang magsalita sa kanyang kamusmusan, ito ay isang pagpapala na siyang nagpatibay [at nagpatatag] upang maligtasan ng kanyang ina ang mga masasakit na paninirang-puri mula sa kanilang sariling mamamayan. Ang di-karaniwang kasaysayang ito ay isinalaysay sa Banal na Qur'an:

***Qur'an 19:27-33*¹³ “Kaya, kanyang dala-dalang iniuwi ito [ang sanggol na si Hesus] sa kanyang mga mamamayan. Sila [mga tao] ay nagsabi: “O Maria! Tunay nga na ikaw ay nagdala ng isang bagay na nakapanghihilakbot.¹⁴ “O kapatid na babae ni Aaron.¹⁵ Ang iyong ama ay hindi**

¹³ Ang kagila-gilas na himalang ito ay hindi matutunghayan sa alinmang pahina ng Bagong Tipan [ng Bibliya].

¹⁴ **Fariy** - isang bagay na nakapanghihilakbot o hindi akalaing magagawa ng isang mabuti at matwid na tao. Si Maria ay pinagbintangang gumawa nang gayon bagay sapagka't ang kanyang angkang pinagmulan ay mga propeta at mga huwaran sa kabutihan.

¹⁵ Si Mughira b. Shu'ba ay nagtala: Nang ako ay dumating sa Najran, sila (mga Kristiyanong taga-Najran) ay nagtanong sa akin: Mababasa mo" O kapatid na babae ni Aaron" (tinawag kay Maria) sa Qur'an, samantalang si Moises ay ipinanganak nang higit na una kay Hesus. Nang ako ay bumalik sa Sugo ng Allah, aking tinanong siya tungkol dito, sa gayon siya ay nagsabi: Ang [mga tao noong unang panahon] ay lagi nang ibinibigay ang mga pangalan [sa kanilang mga mamamayan] ang mga pangalan ng mga propeta o sugo at ng mga banal na tao na nauna sa kanila': Sahih Muslim (Aklat bilang#025, Hadith bilang #5326).

masamang tao at ang iyong ina ay hindi isang marumi [o walang dangal].’ Nguni’t, [sa halip na magpaliwanag ay] kanyang itinuro siya [ang sanggol]. Sila ay nagsabi [kay Maria]: “Paano kami makikipag-usap sa isang batang musmos na nasa duyan?”¹⁶ Siya [ang sanggol na si Hesus] ay nagsabi: Katotohanan, ako ay alipin ng Allah, Kanyang ipinagkaloob sa akin ang [banal na] Kasulatan at ako ay Kanyang ginawang isang Propeta;’ At ako ay Kanyang pinagpala saan man ako naroroon, at itinagubilin sa akin ang Salaah [pagdarasal], at Zakat¹⁷ [kawanggawa], habang ako ay nabubuhay.” ‘At [ako ay ginawang] masunurin sa aking ina at ako ay hindi Niya ginawang malupit, hindi lapastangan. “At ang kapayapaan ay mapasaakin sa araw na ako ay ipinanganak. At sa araw na ako ay mamamatay at sa araw na ako ay muling bubuhayin.”

Ang mga ibang sinundang himala na ginawa ni Hesus (عليه السلام) ay binanggit din sa Banal na Qur’an:

Qur’an 5:110 “[Banggitin] kapag ang Allah ay magsasabi [sa Araw ng Pagkabuhay na Muli]: “O Hesus, anak ni Maria, alalahanin mo ang Aking pagpapala sa iyo at sa

¹⁶ Ang duyan na tinutukoy dito ay katulad lamang ng isang kuna na hinihigan ng sanggol at hindi karaniwang duyan na may lubid sa magkabilang dulo para sa pag-ugoy o pag-iwi ng bata.

¹⁷ * Ang mga salita mula sa wikang Arabe ay isinatitik [transliterated] nang ayon sa pamantayan ng Talangguhit para Sa Pagsasatitik na matatagpuan sa aklat na ito. Kung ang isang salita ay naging bahagi ng wikang Ingles (i.e., natagpuan sa isang talahulugan ng *Standard English*), ang gayong pagbabaybay [spelling] ay ginamit sa aklat na ito at unang ipinakita sa Talahulugan nito, na may anyong pagsasatitik [*transliteration form*] sa panaklong pagkaraan. (Editor)

iyong ina nang ikaw ay Aking tangkilikin [patatagin] sa pamamagitan ng Banal na Espiritu [Anghel Gabriel]. Upang ikaw ay mangusap sa mga tao mula sa duyan [o kamusmusan] at sa tamang gulang¹⁸ at [alalahanin mo] nang ituro Ko sa iyo ang Aklat [o kakayahan ng pagsulat], ang *hikmah* [karunungan]¹⁹ at ang *Torah* at ang Ebanghelyo²⁰ at nang gawin mo mula sa luad [putik] ang isang hugis na tulad ng isang ibon sa Aking kapahintulutan at iyong hiningahan ito at naging ibon sa Aking Kapahintulutan at pinagaling mo ang ipinanganak na bulag at ang mga ketongin sa Aking kapahintulutan. At nang inilabas mo ang mga patay [mula sa libingan] sa Aking kapahintulutan at nang Aking pigilin ang mga anak ni Israel laban sa iyo [upang ikaw ay kanilang patayin], nang dahil sa ikaw ay dumating sa kanila na may [dalang malinaw na] katibayan, at yaong mga di-naniniwala mula sa kanila ay nagsabing: “Ito ay walang anupaman maliban sa isang malinaw na salamangka.”

Katunayan, ang mga kapahayagan [at salaysay] ng Islam tungkol sa mga himalang iginawad kay Hesus (عليه السلام) ay nakahihigit sa kapangyarihan kaysa sa mga himalang nalalaman ng mga Kristiyano. Gayon din, ang katibayang nasa 10 at 11 sa

¹⁸ Ito ay nangangahulugan na si Hesus ay nanawagan at nag-anyaya sa mga tao upang sumamba habang siya ay nasa duyan at nang siya ay umabot sa wastong gulang.

¹⁹ ‘Karunungan’ dito ay nangangahulugang wasto at malinaw na pagkakaunawa ng relihiyon [Islam].

²⁰ Ito ang orihinal na anyo ng kapahayagang ibinigay kay Hesus. Ayon sa mga maalam ng Qur’an, isinaulo ni Hesus ang mga kasulatan [o kapahayagang] ito.

ibaba ay karagdagang himala na iniugnay kay Hesus (عليه السلام) at kanyang ginampanang tungkulin bilang Mesiyas.

Isang Mahalagang Paalala

Tulad ng ipinakita sa mga naunang talata, ito ay binigyang-diin pagkaraang banggitin ang bawa't himala na ginawa ni Hesus, ipinagbigay-alam niya na ang himalang ito ay kanyang nagagawa sa kapahintulutan ng Allah (سبحانه و تعالی). Binigyang-linaw niya sa kanyang mga tagasunod na wala siyang kakayahang isagawa ang mga himala ito mula sa kanyang sarili lamang maliban sa kapahintulutan ng Dakilang Allah. Tulad ng sinabi ni Dr. Philips:

Mayroong mga talata sa Bagong Tipan [ng Bibliya] na nagpapatunay na si Hesus ay hindi gumagawa nang ayon sa kanyang sariling kagustuhan.

Binanggit ni Hesus (عليه السلام) ang talata ng **Juan 5:30** na nagsabing: **“Sa aking sarili, wala akong magagawang anupamang bagay.”**

Gayundin, sa Bibliya sa isang kabanata ng Bagong Tipan, sinulat ni Pablo:

Mga Gawa 2:22 “O mga lalaking taga-Israel, pakinggan ang mga salitang ito: si Hesus ng Nazareth, ay isang lalaking nagpapatunay sa inyo

sa pamamagitan ng Diyos nang may kapangyarihang gawa at himala at palatandaan na ginawa ng Diyos sa pamamagitan niya sa inyong gitna, tulad ng inyong pagkakilala sa inyong mga sarili...”²¹

5. Ang Mga Katangian ni Hesus (عليه السلام) Bilang Tao

Ipinagbabawal [at tuwirang itinatakwil] ng Islam ang paniniwala na may taong naging diyos [o diyos na nagkatawang-tao] at ang pagmamalabis sa pagturing sa isang tao o propeta na kung saan sila ay nag-aakalang ang mga ito ay may pagka-diyos o may katangian bilang diyos. Bilang paalala sa mga Hudyo at mga Kristiyano, ang Dakilang Allah (سبحته و تعالى) ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

***Qur'an 4:171-175* “O Angkan ng Kasulatan,²² huwag kayong gumawa ng kalabisan sa inyong relihiyon o magsabi ng anumang tungkol sa Allah maliban ang katotohanan. Ang Mesiyas [na si Hesus], anak ni Maria, ay isang Sugo ng Allah at Kanyang Salita na Kanyang iginawad kay Maria at isang kaluluwa [na nilikha sa pag-uutos] mula sa Kanya. Kaya maniwala kayo sa Allah at sa Kanyang mga Sugo. Huwag kayong magsabing: “Tatlo!” Magtigil kayo! Ito ay**

²¹ Sinipi sa aklat ng Ingles ni Dr. Philips, *The True Message of Jesus Christ*, 45.

²² Sinimulan ng Allah ang sagradong talata nang may salita ng paggalang na kung saan ang mga Hudyo at mga kristiyano ay tinukoy bilang mga maalam na tao na tumanggap ng mga kapahayagan sa anyo ng isang aklat [kasulatan]

higit na makabubuti para sa inyo. Katotohanan ang Allah ay [tanging] isang Diyos, Luwalhati sa Kanya [Siya ay Kataas-taasan] sadyang malayo sa pagkakaroon ng anak na lalaki. Sa Kanya ang [pagmamay-ari ng] anumang nasa mga kalangitan at anumang nasa kalupaan. At ang Allah ay sapat na bilang Tagapangasiwa [para sa lahat ng mga pangyayari].²³ Kailanman ay hindi magagawang hamakin [di-pahalagahan] ng *Mesiyas* ang pagiging isang alipin ng Allah, at maging ang mga anghel na malalapit [sa Allah]. At sinumang humamak [di-nagpahalaga] ng pagsamba sa Kanya at siya ay mapagmalaki - sila ay Kanyang titipuning lahat sa Kanyang [Sarili]. Kaya, yaong mga naniwala [sa Allah] at gumawa ng mga gawaing matwid, Kanyang ipagkakaloob sa kanila ang lubos na gantimpala, at sila ay daragdagan pa mula sa Kanyang biyaya. Nguni't yaong mga humamak [di-nagpahalaga sa Kanya] at naging mapagmalaki, sila ay Kanyang parurusahan ng mahapding parusa. At bukod sa Allah, sila ay walang ibang matatagpuan para sa kanila ng *wali* [tagapangalaga] at ng makatutulong. O sangkatauhan, katiyakan, dumating na sa inyo ang isang patunay [si Muhammad, bilang sugo] mula sa inyong Panginoon. At Aming ibinaba [o ipinahayag]

²³ Itinuturing ng Islam bilang mga taong mapagmalabis ang mga Kristiyano hinggil sa katayuan ni Hesus. Mula sa pagiging isang dakilang Propeta, siya ay itinaas sa pagiging anak na lalaki ng Allah, at sa kalauna'y siya ay itinaas sa antas ng pagiging diyos. Upang ito ay hindi mangyari kay Propeta Muhammad ﷺ, siya ay nagbigay ng payo at nagsabing:

“Huwag kayong lubhang magmalabis sa pagpuri sa akin katulad ng ginawa [ng mga kristiyano] kay Hesus, ang anak ni Maria. Katotohanan, ako ay isang alipin, kaya inyong sabihin, ‘ang alipin ng Allah at ang Kanyang Sugo [*Imam Ahmad 1:23*].

para sa inyo ang isang hayag na liwanag [ang Qur'an]. Kaya, yaong mga [tunay at tapat na] naniniwala sa Allah at mahigpit na tumatangan sa Kanyang [mga kautusan, paalala at mga tagubilin], sila ay Kanyang papapasukin sa Kanyang habag at biyaya [o ang walang hanggang ligaya sa Paraiso], at sila ay papatnubayan sa Kanya tungo sa matuwid na landas.“

Nagbigay din ng babala si Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) tungkol sa pagsasaalang-alang o pagturing sa sinuman bilang isang taong may pagka-diyos o naging diyos. Siya ay nagsabi:

”O kayong mga tao, huwag kayong magmalabis sa inyong relihiyon, sapagkat, katotohanan - ang mga taong nauna sa inyo ay nangawasak [o nangaligaw] sanhi ng kanilang pagmamalabis sa kanilang relihiyon.” (Itinala nina Ibn Mâjah at an-Nasâ’i nang may mapagkakatiwalaang kawing ng pagkakasalaysay)

Bilang isang taong itinalaga bilang propeta, hindi ipinag-utos ni Hesus (عليه السلام) sa mga taong kinasasakupan niya na siya ay sambahin [o ituring bilang diyos na dapat pag-ukulan ng pagsamba]. Ipinahayag sa atin ng Dakilang Allah (سبحانه و تعالی) sa Kanyang Banal na Aklat, ang Qur'an na sa Araw ng Paghuhukom, titipunin Niya ang buong sangkatauhan sa Kanyang harapan at Kanyang tatanungin ang mga Sugo [at

Propeta] kung paano sila tinanggap [o kinilala] ng kanilang mga mamamayan at ano ang kanilang sinabi [at ipinag-utos] sa kanila. Kabilang sa mga tatanungin sa Araw na iyon ay si Propeta Hesus (عليه السلام):

Qur'an 5: 116-119 “At [inyong alalahanin ang Araw na]: Kapag ang Allah ay magsasabi: “O, Hesus, anak ni Maria, ikaw ba ay nagsabi sa tao: ‘Ituring ninyo ako at ang aking ina bilang dalawang diyos bukod sa Allah?’” Siya [si Hesus] ay magsasabi: “Luwalhati po sa Iyo. Hindi marapat para sa akin ang magsabi ng anumang wala akong karapatan [na sabihin]. Kung ito man ay aking nasabi, katiyakang ito ay Iyong mababatid. Batid Mo po ang anumang nasa aking kalooban, samantalang hindi ko nababatid ang anumang nasa Iyong Kalooban. Katotohanan, Ikaw ang Maalam sa mga di-nakikitang [bagay o pangyayari]. ” Wala po akong sinabi sa kanila maliban kung ano lamang ang Iyong ipinag-utos sa akin [na sabihin]: “Inyong sambahin ang Allah, ang aking Panginoon at ang inyong Panginoon. At ako ay naging saksi sa kanila habang ako ay nanatili sa kanila nguni't nang ako ay Iyong bawiin, [tanging] Ikaw ang Tagapagmasid sa kanila at [tanging] Ikaw ang Saksi sa lahat ng bagay.” Kung sila ay Iyong parurusahan – tunay nga na sila ay Iyong mga alipin; nguni't kung sila ay Iyong patatawarin, katotohanan na Ikaw, [tanging Ikaw] ang Ganap na Makapangyarihan, Tigib ng Karunungan. Ang Allah ay magsasabi: “Ito ang Araw na ang mga [taong] makatotohanan ay makikinabang sa kanilang pagiging makatotohanan.” Sa kanila ay mga hardin [ng Paraiso] na

sa ilalim nito ay may mga ilog na umaagos. Sila ay mamamalagi roon nang walang hanggan. Ang Allah ay nasisiyahan sa kanila at [gayon din] naman sila sa Kanya. Iyan ang dakilang tagumpay.”

Walang Katibayan Sa Bibliya Na Si Hesus (عليه السلام) Ay Diyos

Dapat ding bigyang-pansin na hindi matutunghayan sa apat na Ebanghelyo [sa Bibliya] na tinawag ni Hesus ang kanyang sarili bilang ‘Diyos’ o ‘anak ng Diyos’ o isa sa tatlong persona. Kung nagkagayon nga, maaaring ito ay kanyang binanggit nang malinaw sa Bibliya kahit minsan lamang; ito ay sa dahilang si Hesus – tulad ng lahat ng mga ibang propeta – ay isinugo lamang upang paliwanagan [at palalalahanan] ang kanyang mga mamamayan tungkol sa katotohanan at bigyang-linaw ang mga pag-aalinlangan, at hindi upang sila ay higit pang lituhin.

Katunayan, sa Bibliya, sa kasalukuyang anyo nito, ating matutukoy ang mga makataong katangian ni Hesus (عليه السلام).

Ang ilang katibayan nito ay matatagpuan sa mga ilang sulatin ni Paul, na itinuring at kinilala ng simbahan bilang sagrado. Si Hesus ay tinukoy rito bilang isang tao, likas at kakaiba mula sa Diyos (Allah). Malinaw na sinulat ni Paul,

1 Timothy 2:5 “Sapagkat mayroong isang Diyos, at mayroong isang tagapamagitan sa Diyos at mga tao, ang taong si Kristo Hesus.”

Sa ngayon, marami ng mga makabagong iskolar sa Kristiyanismo ang naniniwala na si Hesukristo ay hindi ‘diyos’.

Noong taong 1977, isang pangkat na mga iskolar ng Bibliya na may bilang na pito, kasama ang namumunong *Anglican Theologians* at iskolar ng New Testament, ay naglathala ng isang aklat na may pamagat na *The Myth of God Incarnate* [Ang Alamat ng Diyos na Nagkatawang-Tao], na nagdulot ng malaking kaguluhan sa *General Synod of the Church of England*. Sa paunang salita, ang tagapatnugot na si, John Hick, ay nagsulat nang ganito:

Ang mga manunulat ng aklat na ito ay sumang-ayon na may isa pang malaking pagbabago sa larangan ng teolohiya [agham ng relihiyon] na ipinag-aanyaya sa huling bahagi ng ika-20 siglo. Ang pangangailangan ay lumitaw mula sa lumalaking kaalaman ng mga orihinal na kristiyano, at nakaugnay sa pagkilala na si Hesus (tulad ng paglalarawan sa kanya sa Bibliya (**Gawa 2.21**) ‘**isang lalaking pinatunayan ng Diyos**’ para sa isang natatanging ginagampanan sa loob ng banal na layunin, na ang dating paniniwala sa kanya

bilang diyos na nagkatawang-tao, ang ikalawa sa Banal na Trinidad, ay isang alamat o tulang paraan ng pagpapahayag ng kanyang kahalagahan para sa atin.²⁴

Dapat ding bigyang-pansin na ang paniniwala na si Hesus (عليه السلام) ay tao ay hindi lamang isang paniniwala na pinaninindigan ng mga Muslim; bagkus ito ay pinaninindigan din ng mga Hudyo at ng mga iba't bang naunang sekta ng kristiyanismo tulad ng mga *Ebionites* (Nazarenes), ang mga *Corinthian*, ang mga *Basilidian*, at ang mga *Goth*. Sila rin ay nanindigan na si Hesus (عليه السلام) ay isang dakilang Propeta ng Diyos, at hindi nila itinaas [si Hesus] nang sa higit sa kalagayan nito. Maging sa ngayon, maraming mga simbahan sa Asya at Aprika kasama na ang *Unitarian church* at *Jehovah's Witnesses* na hindi sumasamba kay Hesus bilang Diyos. Mahalagang bigyang-diin dito na ito ay hindi sapat upang sila ay maging malaya [sa pananagutan] sa Araw ng Paghuhukom malibang tanggapin nila ang Islam, si Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم), at ang huling kapahayagan [ang Qur'an] mula sa Allah (سبحانه و تعالی).

²⁴ Hinango mula sa Ingles na aklat ni Dr. Philips, *The True Message of Jesus Christ*, 61.

Ang Katotohanan Tungkol sa Pagiging ‘Anak ng Diyos’,²⁵

Sa Bibliya, ang katagang ‘anak’ ay karaniwan nang ginagamit sa mga naunang nakararaming propeta. Si Israel, bilang halimbawa, ay tinawag na ‘Anak ng Diyos’ sa isa sa mga aklat ni Moises,

Exodus 4:22 “At iyong sasabihin kay Paraon, ganito ang sabi ng Panginoon, si Israel ay aking anak, aking panganay ”

Gayundin, sa Psalmo, ang gayong ding nakakatulad na katawagan ay iginawad kay Propeta David,

Psalmo 2:7 “Aking sasaysayin ang tungkol sa pasiya: sinabi ng Panginoon sa akin, Ikaw ay aking anak; sa araw na ito ay ipinanganak kita.”

Karagdagan pa, sa **I Chronicles, 22:10**, si Solomon ay tinawag na Anak ng Diyos,

“Kaniyang ipagtatayo ng bahay ang aking pangalan; at siya'y magiging aking anak, at ako'y magiging kaniyang

²⁵ Tinipon mula sa Ingles na aklat ni Caraballo, *My Great Love for Jesus Led Me to Islam*.

ama; at aking itatatag ang luklukan ng kaniyang kaharian sa Israel magpakailan man.”

Mula sa mga hinangong pahayag sa itaas at marami pang iba sa Bibliya, ito ay napatunayan na ang salitang ‘anak na lalaki’ ay nagpapahiwatig lamang ng pagiging ‘malapit sa pagmamahal ng Diyos’. Ito ay binigyan ng katiyakan nang ating matunghayan na si Hesus (عليه السلام) mismo sa kanyang sarili ay nagsabing bawat taong tumalima sa kalooban ng ama sa langit ay itinuturing sa metaporikal na pananaw bilang anak ng Diyos.

Naiulat din na sinabi ni Hesus (عليه السلام) sa sumunod ng mga talata [sa Bagong Tipan ng Bibliya]:

Mateo 5:44-45 “Mahalin ang inyong mga kaaway... upang sakali kayo ay maging mga anak ng inyong Amang nasa langit.”

Sinabi rin:

Mateo 5:9 “Pinagpala ang mga mapaggawa ng kapayapaan, sapagka’t sila ay tatawaging mga anak ng Diyos.”

Kaya, ang pagiging matapat sa pagsamba, kabaitan at kabutihang-asal ang siyang batayang diwa para sa isang tao upang siya ay karapat-dapat tawaging ‘anak ng Diyos’.

Pinatunayan ng Bibliya na tinutulan ni Hesus (عليه السلام) na siya ay tawaging ‘Anak ng Diyos’:

Ating matutunghayan sa:

Lukas 4:41 “**At ang mga demonyo ay naglabas din nang maramihan, at nagsisipanaghoy, ‘Ikaw ay anak ng Diyos!’ Nguni’t sila ay kanyang tinutulan, at hindi niya hinayaang magsalita, sapagka’t kanilang nakikilala na siya ay ang Kristo.**”²⁶

Samakatuwid, sa pananaw ng nabanggit na talata sa itaas, walang makatarungang dahilan upang ituring si Hesus bilang Anak ng Diyos sa isang pansarili [o natatangi] **at naiibang kahulugan**. Nang ginamit ni Hesus ang pararilang ‘Anak ng Diyos’, ito ay nakakahalintulad ng kahulugan nang ito ay ginamit para kay **Adan, Israel, David at Solomon**, na ito ay tanda lamang ng pagiging pinakamalapit sa pagmamahal sa Diyos.

Ang pagiging tao at pagiging propeta ni Hesus ay pinagtibay sa maraming talata ng Qur’an upang ituwid [at iwasto] ang malubhang kamalian ng pagtaas sa kanya sa antas [o kalagayan bilang] Diyos o siya ay kilalanin [o tawagin] bilang Anak ng Diyos.

²⁶ Hinango sa aklat ni Dr. Philips, *The True Message of Jesus Christ*, 50.

Sa Qur'an, tinutulan [at hindi kinilala] ng Allah (سبحانه و تعالی) ang Kanyang pagkakaroon ng anak na lalaki sa siyam na magkakaibang kabanata [o surah ng Qur'an tulad sa]: 2: 116, 10: 68, 11: 117, 18: 4, 19: 77, 19: 88, 19: 91-92, 21: 26, 25: 2, 39: 4, at 72: 3. Bilang halimbawa, Siya [ang Allah (سبحانه و تعالی)] ay nagsabi:

Qur'an 19:88-95 “At kanilang sinabi: “Ang Mahabagin [Allah] ay nagkaroon ng isang anak [na lalaki]. Katiyakan, kayo ay nakagawa [o nakapagsabi] ng isang bagay na kakila-kilabot. Ang mga kalangitan ay halos magkalansag-lansag mula rito [sa salitang ito], ang lupa ay magkabiya-biyak at ang mga bundok ay gumuho sa matinding pagkawasak. [Sapagka't] kanilang iniakibat sa Mahabagin [Allah] ang isang anak [na lalaki]. At hindi [naaangkop] para sa [Kadakilaan ng] Mahabagin [Allah] na Siya ay magkaroon ng isang anak [na lalaki]. Walang sinumang nasa mga kalangitan at kalupaan maliban na siya ay darating sa [harap ng] Mahabagin [Allah] bilang isang alipin. Katiyakan, Kanyang inisa-isa ang mga ito at binilang ang mga ito nang [lubusang] pagbilang. At bawa't isa sa kanila ay darating sa Kanya sa Araw ng Pagkabuhay na Muli nang nag-iisa.”

Binanggit din ng Dakilang Allah (سبحانه و تعالی):

Qur'an 5:75 “Ang Mesiyas [si Hesus] anak ni Maria ay hindi humigit sa isang Sugo. Marami ng mga sugo ang

lumipas [naunang ipinadala] bago pa man siya. Ang kanyang ina [si Maria] ay isang makatotohanan. Sila [Hesus at Maria] ay kapwa kumakain ng pagkain.²⁷ Pagmasdan mo kung paano nga Namin ginagawang malinaw ang mga *ayaat* [aral, palatandaan] sa kanila; subali't pagmasdan mo kung paano sila nalinlang²⁸ [mula sa katotohanan].”

Malinaw na ang pag-aakalang si Hesus (عليه السلام) ay Diyos o na siya ay anak ng Diyos ay walang katibayan mula sa mga banal na kasulatan at sadyang lihis sa makatuwirang kaisipan.

Mga Mahahalagang Paalala

1. Walang mababasa at matutunghayan mula sa mga kasulatang Kristiyano o Muslim na si Maria ay nag-angkin o nagsabi na siya ay ina ng Diyos, o ang kanyang anak [na si Hesus] ay isang Diyos. Walang isa man tagpo o pagkakataon sa kanyang buhay na siya ay sumamba sa kanyang anak, o tinawag niya ang kanyang anak bilang diyos. Bagkus, tulad ng binanggit sa Qur'an, siya [si Maria] ay isang babaing matimtiman, makadiyos, at marangal.
2. Bilang isang pag-iingat at babala, maraming talata sa Qur'an na nagpapatunay rin sa makataong katangian ni Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم), upang hadlangan [bigyang babala at

²⁷ Sila ay hindi dapat ituring bilang mga diyos sapagka't sila ay katulad ng karaniwang tao.

²⁸ i.e. nalinlang o napaligaw [mula sa katotohanan].

supilin] ang kanyang mga tagasunod mula sa pagturing sa kanya bilang diyos o sa pagiging taong kalahating diyos, tulad ng nangyari sa kaso ni Propeta Hesus (عليه السلام).

Halimbawa, ipinag-utos ng Allah (سبحانه و تعالی) kay Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) na ipalaganap ang sumusunod na paalaala sa mga nakakarinig ng kanyang mensahe:

***Qur'an 18:110* “Sabihin: “Ako ay isang taong katulad lamang ninyo. Ipinahayag sa akin na ang inyong diyos ay Tanging Isang Diyos- [ang Allah]. Kaya, sinumang umaasa sa pakikipagharap sa kanyang Panginoon - hayaan siyang gumawa ng mga gawaing matwid at huwag siyang magtambal ng isa man sa pagsamba sa kanyang Panginoon.”**

6. Ang Pagiging Propeta ni Hesus (عليه السلام)

Ang pananaw ng Islam tungkol kay Hesus (عليه السلام) ay nasa wastong pamamaraan ng katamtaman, at ito ay nasa pagitan nang dalawang kalabisan. Itinakwil ng mga Hudyo si Hesus sa kanyang katayuan bilang Propeta ng Allah at siya ay tinawag na huwad na propeta. Itinuring naman ng mga Kristiyano si Hesus bilang anak ng Diyos at sa isang pagkakataon, siya ay itinuring bilang diyos na nagkatawang-tao. Kaya, siya ay sinimulang sambahin. Sa Islam, itinuturing si Hesus bilang isa

sa mga dakilang Propeta ng Allah. Ang Dakilang Allah (سبحانه و تعالى) ay nagsabi:

Qur'an 5:75 “Ang Mesiyas [si Hesus] anak ni Maria ay hindi humigit sa isang Sugo. Marami ng mga sugo ang lumipas [naunang ipinadala] bago pa man siya. Ang kanyang ina [si Maria] ay isang makatotohanan. Sila [Hesus at Maria] ay kapwa kumakain ng pagkain.²⁹ Pagmasdan mo kung paano nga Namin ginagawang malinaw ang mga *ayaat* [aral, palatandaan] sa kanila; subali’t pagmasdan mo kung paano sila nalinlang³⁰ [mula sa katotohanan].”

9 Ang Mga Katibayan Mula sa Bibliya ng Pagiging Propeta ni Hesus (عليه السلام).

Maraming talata sa Bibliya ng Bagong Tipan na nagbibigay ng katibayan sa pagiging Propeta ni Hesus.

- Juan 17:3** “At ito ang buhay na walang hanggan, na Ikaw ay kanilang makilala, ang tanging Tunay na Diyos, at si Hesus na Iyong isinugo.”³¹

²⁹ Sila ay hindi dapat ituring bilang mga diyos sapagka’t sila ay katulad ng karaniwang tao.

³⁰ i.e nalinlang o napaligaw [mula sa katotohanan].

³¹ Ang talatang ito ay nagpapahiwatig nang malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng Diyos at ni Hesus, ang Propeta. Basahin ang Juan 4:34, 5:30, 7:16 & 28, 11:42, 13:16, 14:24.

2. Sa Ebanghelyo ni Mateo, ang mga tao sa kanyang panahon ay nag-ulat na siya ay tinukoy bilang isang propeta:

Mateo 21:11 “At ang mga tao ay nagsabi: ito ay si Propeta Hesus sa Nazareth ng Galilee.”

3. Sa Ebanghelyo ni Marcos, tinukoy ni Hesus ang kanyang sarili bilang isang propeta. At siya ay nagsabi:

Marcos 6:4 “Walang propetang di may kapurihan, liban sa kaniyang sariling lupain, at sa gitna ng kaniyang sariling mga kamag-anak, at sa kaniyang sariling bahay.”

4. Sa mga naunang talata, tinukoy ni Hesus ang kanyang sarili bilang isang sugo na ipinadala ng Diyos. Siya ay naulat na nagsabing:

Mateo 10:40, “Ang tumatanggap sa inyo ay ako ang tinatanggap, at ang tumatanggap sa akin ay tinatanggap ang nagsugo sa akin.”

5. Isinalaysay na sinabi ni Hesus sa Ebanghelyo ni Juan:

Juan 5:30 “Hindi ako makagagawa ng anoman sa aking sarili: humahatol ako ayon sa aking naririnig: at ang paghatol ko'y matuwid; sapagka't hindi ko pinaghahanap ang aking

sariling kalooban, kundi ang kalooban niyaong nagsugo sa akin.”

7. Ayon sa Ebanghelyo ni Mateo, iniulat ni Hesus na siya ay **isang guro** na siyang ginagampanang layon ng lahat ng mga propeta:³²

Mateo 19:16 “At narito, lumapit sa kaniya ang isa, at nagsabi, Guro, ano ang mabuting bagay na gagawin ko upang ako'y magkaroon ng buhay na walang hanggan?”

8. Sa **Mateo 19:17**, tinugon ni Hesus ang isang nagsasabi sa kanya bilang **“mabuting guro”**, kanyang sinabing, **“Bakit mo ako tinatawag na mabuti? Walang mabuti kundi isa, ang Diyos.”** Dito, tinanggihan ni Hesus na siya ay tawaging ‘mabuti’, at sinabi na tanging Diyos lamang ang tunay na mabuti; kanyang nilinaw na siya ay hindi Diyos. Ganoon din, tinanggihan din ni Hesus ang pagiging **“Ganap na Mabuti”** sapagkat ang kaganapan ay tinataglay lamang ng Diyos (Allah).

8. Si Hesus ay nagsabi:

Mateo 5:17-18 “Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga

³² HNV: 'Hebrew names version'.

propeta: ako'y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin. Sapagka't katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay.”

9. Ganoon din naiulat na binigyang-diin ni Hesukristo ang mahigpit na pagsunod sa mga kautusan ng Allah (سبحانه و تعالی) na siyang tungkuling ginaganap ng sinumang propeta:

Mateo 5:19 “**Kaya't ang sinumang sumuway sa isa sa kaliitliitang mga utos na ito, at ituro ang gayon sa mga tao, ay tatawaging kaliitliitan sa kaharian ng langit: datapuwa't ang sinomang gumanap at ituro, ito'y tatawaging dakila sa kaharian ng langit.**”

8. **Ang Layon ni Hesus** (عليه السلام)

Tulad ng naunang binanggit, ang panawagan [at paanyaya] sa pagsamba sa Allah alone (monotheism), nang walang tagapamagitan, ay ang mensahe ng lahat ng mga propeta. Bunga ng patuloy na paglihig sa prinsipyong ito, ito ay nangangailangan ng panibagong pagpapatibay ng lahat ng mga propeta sa mahabang panahon. Ang paniniwala sa Nag-iisang

Diyos bilang mensahe ng Islam ay simpleng panawagan sa mga tao na sila ay nararapat sumamba sa Nag-iisang Diyos [ang Allah (سبحانه و تعالی)] at sila ay hindi dapat sumamba sa anupaman o sa sinumang bukod sa Allah, sa anumang pamamaraan o anyo.

Iपालaganap ni Hesus (عليه السلام) ang mensahe ng pagsamba sa nag-iisang Diyos, tulad ng nakatala sa mga Ebanghelyo. Siya ay masigasig na nagpunyagi upang ipalaganap ang mensaheng ito, at kanyang inaanyayahan ang bawat isa rito. Binanggit ng Dakilang Allah (سبحانه و تعالی) sa Kanyang Banal na Qur'an na Hesus ay magsasabi sa Araw ng Paghuhukom kapag siya ay tatanungin ng Allah (سبحانه و تعالی) kung siya ba ay nag-utos sa mga kristiyano na siya ay sambahin kasama na kanyang ina. Ito ang kasagutan ni Hesus:

***Qu'ran 5:117* “Wala po akong sinabi sa kanila maliban kung ano lamang ang Iyong ipinag-utos sa akin [na sabihin]: “Inyong sambahin ang Allah, ang aking Panginoon at ang inyong Panginoon...”**

Subali't, ang mga Kristiyano sa ngayon ay nananalangin (at nananawagan) kay Hesus at sa iba pa bukod sa Allah (سبحانه و تعالی). Karagdagan, ang lahat ng uri ng pagsamba ay tuwirang idinudulog [at inilaan] kay Hesus. Ang pagtatambal [at pag-uugnay ng iba] sa Allah (سبحانه و تعالی) ay walang anupman kundi

politeismo [o pagsamba nang higit sa isang Diyos]. Nakapagtataka, bagaman ang salita ng Bibliya ay naglalaman ng mga katibayan na si Hesus ay nag-aanyaya tungo sa pagsamba sa isang Diyos.:

- ❖ Sa **Lukas 4:8**,³³ hiniling ng demonyo kay Hesus na siya ay sambahin, pinangakuan ng kapangyarihan at kaluwalhatian sa mga kaharian ng mundong ito“**At si Hesus ay sumagot at sinabi sa kaniya, Nasusulat, Sa Panginoon mong Diyos sasamba ka, at Siya lamang ang iyong paglilingkuran.**”
- ❖ **At walang ibang diyos bukod sa Akin**, isang ganap na Dios at Tagapagligtas; walang iba liban sa akin. Kayo'y magsitingin sa akin, at kayo'y mangaligtas, lahat na taga wakas ng lupa: **sapagka't ako'y Dios, at walang iba liban sa akin. na sa akin ay luluhod ang bawa't tuhod.. (Isaiah 45:21-23)**
- ❖ Kayo'y magsitingin sa akin, at kayo'y mangaligtas, lahat na taga wakas ng lupa: **sapagka't ako'y Dios, at walang iba liban sa akin. (Isaiah 45:22)**

³³ ESV: 'English Standard Version'.

- ❖ **Sambahin ang Panginoon, ang inyong Diyos, at Siya lamang ang inyong paglingkuran. (Mateo 4:10)**
- ❖ Sa Bibliya, ang tunay na Diyos ay mahigpit na sumaksaksi:

“Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon na lumikha ng langit, **na siyang Diyos na nagbigay-anyo sa lupa at gumawa niyaon**, na kaniyang itinatag, at hindi niya nilikha na sira, na kaniyang inanyuan upang tahanan: ako ang Panginoon; at wala nang iba. Ako'y hindi nagsalita ng lihim, sa dako ng lupain ng kadiliman; **akong Panginoon ay nagsasalita ng katuwiran, ako'y nagpapahayag ng mga bagay na matuwid.**” (Isaiah 45:18-19, GNT)

Kaya, ang diwa ng mensahe ni Hesus (عليه السلام) ay pagsamba sa Allah [at wala nang iba] at ang pagsamba bukod sa Allah (سبحانه و تعالی) ay kabulaanan [at walang katotohanan]. Mahalagang isaalang-alang na ang pagsamba bukod sa tunay na Diyos ay isang malaking pagsira sa tunay na mensahe ni Hesus. Ang panawagan sa pagsamba sa nag-iisang diyos ay nasira pagkaraan ng kanyang paglisan at lumihis ang karamihan sa kanyang mga tagasunod, simula kay Pablo, na ang wagas at malinis na mensahe ay ginawa niyang masalimuot [at nakalilitong] paniniwalang tatlong diyos sa iisang persona na

siyang idinadahilan ng pagsamba kay Hesus, sinundan ng pagsamba sa ina ni Hesus, sa mga anghel at sa mga santo at santa. Ang katoliko ay mayroong mahabang listahan ng mga santo/santa na kanilang dinarasalan sa oras ng kanilang pangangailangan.

Ang pagsamba sa iba bukod sa Allah (سبحانه و تعالیٰ) ay hindi makatuwiran at walang kabuluhan; sapagkat ang buhay o patay ay walang kakayahang tumugon sa mga dasal [o panalangin] ng mga tao. Sa pagsamba sa Allah (سبحانه و تعالیٰ), ang Kanyang mga nilikha ay hindi dapat magkaroon ng bahagi sa pagsamba sa Kanya sapagka't sila ay mga taong katulad natin; sila ay hindi mga tagapaglikha. Sila ay mahihinang nilikha; sila ay nangangailangan ng pagkain, inumin, tirahan at tulong, at pagkaraan ng kanilang kamatayan [o pag-akyat sa kaso ni Hesus) sila ay hindi nakaririnig sa sinumang nananawagan sa kanila!

Muli, ibinalik ng Islam nang buong lakas ang paniniwala sa nag-iisang Diyos. Halimbawa, ipinahayag ng Allah (سبحانه و تعالیٰ) sa Kanyang Banal na Qur'an:

***Qur'an 5:72* “Katiyakan hindi [maituturing bilang] naniniwala yaong mga nagsasabing: “Ang Allah ay ang Mesiyas [Hesus] ang anak ni Maria.” Samantalang ang Mesiyas ay nagsabi: “O mga anak ni Israel, inyong**

sambahin ang Allah, ang aking Panginoon at ang inyong Panginoon.” Katotohanan, sinuman ang nagtatambal sa Allah, katiyakang ipagkakait ng Allah ang Paraiso sa kanya at ang Apoy ay kanyang magiging tirahan. At sa mga mapaggawa ng kamalian, sa kanila ay walang makatutulong.”

Qur'an 7:194 “Katotohanan, yaong inyong mga dinadalanginan bukod sa Allah ay mga alipin [o nilikha lamang] na tulad ninyo.”

Qur'an 27:63 “Mayroon pa bang ibang diyos na kasama ng Allah? Siya ay Mataas nang higit sa anumang kanilang itinatambal [sa Kanya].”

Qur'an 27:64 “Mayroon bang ibang diyos na kasama ng Allah? Sabihin: “Magpakita kayo ng inyong mga patunay, kung kayo ay [tunay ngang] makatotohanan.”

Qur'an 51:56 “At hindi Ko nilikha ang jinn at tao maliban upang sila ay sumamba sa Akin [tanging sa Akin lamang].”

Si Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) ay nagsabi:

”Ang panalangin ay isang mahalagang gawain ng pagsamba.” (isang mapananaligang salaysay [hadith] na iniulat nina at-Tirmidhi at Abu Dâwood)

Kaalinsabay nito, kung ang isang tao ay nagsasabi na siya ay isang Muslim nguni't siya ay nagdarasal sa isang propeta, santo/santa, estatwa, o anumang bagay pa, samakatuwid siya ay lumisan mula sa hangganan [o batas] ng Islam.

Kaya, ayon sa mga pagpapahayag nang ganito, ang lahat ng iba pang inaakalang mga diyos na sinasamba at dinadalanginan ng mga tao tulad ni Hesus, ng Banal na Espiritu, sina Brahma, Shiva, Krishna, o Buddha ay hindi mga diyos at hindi rin mga palatandaan ng isang tunay na diyos [Allah (سبحانه و تعالی)]. Maging ang sinumang sumasamba kay Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم), ang nakakatulad na parusang naunang binanggit ay kailangan ding ipataw sa kanya.

Ang pagdating ni Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) bilang kahalili o kapalit ni Hesus (عليه السلام) ay bahagi ng mensahe ni Hesus. Binanggit ng Allah (سبحانه و تعالی) sa Banal na Qur'an:

***Qur'an 61:6* “At [banggitin] nang si Hesus, anak ni Maria, ay nagsabi: “O mga anak ni Israel! Katotohanan, ako ay Sugo ng Allah sa inyo, nagpapatunay sa Torah [na ipinahayag] nang una sa akin, at nagbibigay ng magandang balita tungkol sa isang Sugo na darating pagkaraan ko, na ang pangalan ay Ahmad.³⁴ Nguni't nang siya [Ahmad i.e**

³⁴ Isinalaysay ni Jubair bin Mut'im: Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi, “Ako ay mayroong limang pangalan: Ako ay si **Muhammad** at **Ahmad**; ako ay **Al Mahi** na sa pamamagitan ko, lilinisin ng Allah ang *Al Kufr* [pagsamba sa mga

Muhammad] ay dumating sa kanila na may dalang mga malilinaw na katibayan, sila ay nagsabi: “Ito ay isang malinaw na salamangka.”

Bagaman ang Bibliya ay lubhang binago, ito ay naglalaman pa rin ng mga bakas ng tunay na orihinal na mensaheng ipinahayag kay Propeta Hesus (عليه السلام). Tungkol dito, ang sugo na binigyan ni Hesus na magandang balita at mga hula ay tinukoy pa rin sa luma at bagong Tipan ng Bibliya.

35

Si Hesus (عليه السلام) ay kawing ng mahabang hanay ng mga propeta at sugo ng Allah na dumating sa iba't ibang henerasyon at pamayanan sa panahong sila [mga tao] ay nangangailanan ng patnubay o sila ay napapalihi mula sa mga katuruan ng Allah (سبحانه و تعالی). Si Hesus (عليه السلام) ay tanging isinugo ng Allah upang mangaral sa mga Hudyo na lumihis mula sa mga aral ni Moises at ng iba pang mga sugo. Siya ay tinangkilik ng Allah (سبحانه و تعالی) ng mga himala simula sa pagkakalihi sa kanya, sa pagsilang at kamusmusan. Siya ay itinaguyod [at tinulungan] sa

diyus-diyusan; ako ang **Al Hashir** ang una na mabubuhay na muli, at pagkaraan ay ang mga tao ang muling bubuhayin; at ako rin ang **Al Aqib** [wala ng darating pang Propeta pagkaraan ko] [*Sahih Al-Bukhari vol 4 Hadith Bilang 732*].

³⁵ Ang mahalagang paksang ito ay pinatunayan sa iba't ibang talakayan sa aklat na may pamagat na 'Muhammad in the Bible'. Matutunghayan at mababasa ito sa Internet at mga aklatan.

pamamagitan ng maraming himala upang patunayan na siya ay tunay na Sugo ng Allah. Nguni't ang mga nakakarami sa mga Hudyo ay tumanggi sa kanyang mga pangangaral.

Dapat malaman na si Hesukristo (عليه السلام), anak ni Maria ay siyang pinakahuli sa hanay ng mga propetang isinugo para sa mga mamamayang Hudyo.

9. Ang Pag-akyat ni Hesus (عليه السلام) sa Langit

Ang pag-akyat sa langia ni Hesus' ay siyang huling himala na ipinagkaloob sa kanya habang siya na nasa mundo. Ang mga Hudyo ay nagtangkang siya ay paslangin. Nguni't siya ay pinalitan ng Allah (سبحانه و تعالی) ng ibang tao na kanyang nakakahawig. Kaya, si Hesus ay hindi napatay at hindi rin naman naipako; bagkus siya ay itinaas ng Allah (سبحانه و تعالی). Ang isang taong kanyang nakakahawig ang siyang napatay. Hanggang sa araw na ito, ang mga kristiyano ay patuloy pa ring naniniwala na si Hesus ang siyang napatay. Sa Banal na Qur'an, ang Allah (سبحانه و تعالی) ay nagsabi:

***Qur'an 4:157-158* “At [para] sa kanilang pagsasabi [nang may pagyayabang], “Tunay na aming pinatay ang *Messiah* si Hesus ang anak ni Maria, ang Sugo ng Allah.” Datapwa't siya ay hindi nila nagawang patayin, at siya ay hindi nila nagawang ipako sa krus, bagkus [may iba] na ginawa upang kanyang makawangis sa kanilang [paningin].”**

At katotohanan, yaong mga nagkaiba-iba rito ay may agam-agam tungkol [sa naganap] dito. Sila ay walang [tamang] kaalaman maliban sa pagsunod sa mga pag-aakala lamang. At siya ay hindi nila nagawang patayin para sa katiyakan [ng kanyang pagkakilanlan]. Bagkus, [ang katotohanan nito] siya [si Hesus] ay itinaas ng Allah patungo sa Kanyang Sarili. At ang Allah ay Lagi nang Ganap na Makapangyarihan, Tigib ng Karunungan.”

10. Ang Muling Pagbabalik ni Hesus (عليه السلام) Sa Lupa.

Sa katuruan ng Islam, mayroong malinaw na katibayan na nagpapahiwatig para sa ikalawang pagdating ni Hesus sa lupa bago ang Huling Oras; ito ay karagdagan at huling himala para kay Hesus. Siya ay hindi babalik bilang diyos, tulad ng paniniwala ng mga Kristiyanos, kundi si Hesus (عليه السلام) ay babalik bilang Sugo at alipin ng Allah, tulad ng dating paniniwala ng Islam. Ang layunin ng kanyang muling pagbabalik ay upang ituwid ang mga maling paniniwalang nakapaligid sa kanyang mensahe at layon. Ayon sa isang salaysay ni Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم), siya ay mananatili sa mundo ng apatnapung taon, at ito ang pinakamaligayang taon ng buhay sa mundong ito. Sa panahon iyon, yaong mga nagkaroon ng maling paniniwala tungkol sa kanya ay itutuwid ang kanilang paniniwala at sila ay maniniwala sa kanya bilang sugo ng Allah at hindi bilang anak ng Diyos [Allah (سبحانه و تعالی)].

Isinalaysay ni Abu Hurayrah (رضي الله عنه)³⁶ na ang Sugo ng Allah (صلى الله عليه وسلم) ay nagsabi:

³⁶ Si Abu Hurayrah ay isa sa mga pinakamalapit na kasamahan ng Propeta Muhammad. Dapat din isaalanag-alang na ang mga salita, gawa at pagsang-ayon ng Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) ay isinalaysay ng kanyang mga kasamahan at pagkaraan ay itinala. Ang isang kasamahan, ayon sa mga

”Sumpa man sa Allah na Siyang may tangan sa aking kaluluwa, hindi magtatagal at ang anak ni Maria ay mananaog at siya ay mapapabilang sa inyo bilang isang makatarungang hukom at pinuno. Babakliin niya ang mga krus, papatayin ang mga baboy at ipagwawalang-saysay niya ang buwis na ibinabayad ng mga Hudyo at Kristiyano. Ang salapi ay magiging masagana na walang sinuman ang magnanais na tanggapin ito. Sa panahon iyon, ang isang pagpapatirapa [sa Allah], ay higit na mabuti kaysa sa mundong ito at sa anumang nilalaman nito”.³⁷

Si Abu Hurayrah (رضي الله عنه) pagkaraan ay nagsabi: Basahin kung inyong nais (ang sumusunod na *ayah* [talata] ng Qur’an):

***Qur’an 4:159* “At walang isa man mula sa mga Angkan ng Kasulatan [Hudyo at Kristiyano] maliban na sila ay nararapat na maniwala sa kanya [kay Hesus] bago [sumapit kay Hesus] ang kanyang kamatayan. At sa Araw ng Pagkabuhay na Muli, siya ay magiging saksi laban sa kanila.”** (sinipi mula sa mga Hadith ni Bukhari)

nakararaming iskolar ay isang taong nakasama ni Propeta Muhammad صلى الله عليه وسلم noong siya ay nabubuhay pa at [ang kasamahang] ito ay Muslim na sa panahon ng kanilang pakikisalamuha sa kanya. Sa gayon, matatagpuan ang kasaysayan ng Propeta (صلى الله عليه وسلم) sa pamamagitan ng gayong mga salaysay na tinawag na Hadith.

³⁷ Ito ay sa dahilang sa pagdating ni Hesus, ang mga tao ay makaaalam ang buong katiyakan na ang Huling Oras ay nalalapat na.

Sa isa pang salaysay, si Abu Hurayrah (رضي الله عنه) ay nagsabi:

Kabilang sa mga bagay na naitalang sinabi ni Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) sa pagbabalik ni Hesus (عليه السلام) ay ito: Walang nang darating na propeta sa pagitan ko at ni Hesus at siya ay babalik [sa lupa]. Kapag siya ay makabalik, siya ay inyong makikilala. Siya ay mayroong matipunong pangangatawan at mamula-mulang balat at siya ay mananaog na may dalawang pirasong kasuutang damit. Ang kanyang buhok ay tila basa [ng tubig], bagaman walang tubig ang sumaling dito [sa kanyang buhok]. Siya ay makikipaglaban sa mga tao upang maitatag ang Islam, babakliin niya ang mga krus, papatayin ang mga baboy at kanyang ipawawalang-saysay ang *jizyah*.³⁸ Sa panahong iyon, sisirain ng Allah (سبحانه و تعالی) ang lahat ng relihiyon maliban sa Islam at ang Anti-Kristo³⁹ ay mapapatay. Si Hesus (عليه السلام) ay mananatili sa mundo ng apat na pung taon, at kapag siya ay namatay, siya ay ipagdarasal ng

³⁸ **Jizyah:** isang uri ng buwis na sinisingil mula sa mga Kristiyano at sa mga Hudyo bilang kabayaran sa kanilang paninirahan sa ilalim ng pangangalaga ng isang pamahalaang Muslim.

³⁹ Ang **Anti-Kristo** ay tinawag ding **Bulaang Kristo**’; siya ay taong nag-aangkin na siya ang Diyos [Allah], at siya ay susundin ng mga taong mangmang, nguni’t siya ay makakaharap ni Hesus at siya [ang Bulaang Kristo ay papatayin niya [ni Hesus].

mga Muslim ng Salat-ul-Janazah [sa dasal para sa patay].
(Hinango mula sa isang mapananaligang *hadith* na naiulat ni
Abu Dâwood)

Ang pagbabalik ni Hesus (عليه السلام) dito sa lupa ay isa sa
mga palatandaan ng Araw ng Paghuhukom. Ito ang magiging
huling himalang ipagkakaloob sa kanya bago siya mamamatay.

Isang Paanyaya sa Katuwiran

Bilang pangwakas na paalaala: isaalang-alang natin kung ano ang pangkalahatan [at magkatulad] sa pagitan ng bawat isa. Halina tayong magtalakayan sa paraang likas na makatuwiran:

Qur'an 3:64 “**Sabihin:** “**O Angkan ng Kasulatan [mga Hudyo at Kristiyano]:** Halina kayo sa isang salitang makatwiran sa pagitan namin at sa pagitan ninyo, na wala tayong dapat sambahin maliban sa Allah, at huwag tayong magtambal ng anupaman sa Kanya, at huwag nating ituring ang ilan sa atin bilang mga panginoon bukod sa Allah. Subali’t kung sila man ay magsitalikod, magkagayon, inyong sabihin sa kanila: “**Kayo ay saksi na kami ay mga Muslim [na tumatalima sa Allah].**”

{**O Angkan ng Kasulatan**} ay isang karangalan [o karapatang] ipinagkaloob para sa mga Hudyo at mga Kristiyano na ating matutunghayan sa Banal na Qur’an. Ipinag-uutos sa mga Muslim na sila ay anyayahan sa pamamagitan ng marangal at kagalang-galang na pananalita: “**O Angkan ng Kasulatan, O mga taong Maalam, O mga taong nakatanggap ng mga naunang Banal na Kapahayagan,** halina tayong magtipon para sa isang kasunduan: na tayo ay magkaisang sumamba sa Allah (سبحانه و تعالیٰ) [tanging siya lamang] sapagka’t walang

karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba kundi Siya [at wala nang iba pa], sapagkat Siya ang ating Panginoon at Tagapaglikha [at Tagapanustos], karapat-dapat sa lahat ng papuri, pagdakila, pagsamba at pagmamahal.

Ang mga katotohanang ito ay mga pangunahin at mahahalagang bahagi ng kaisipan [at likas na katalinuhan] ng sinumang tao. Suriin [at isaayos] sa pamamagitan ng mga antas ng paniniwala na kung saan ay nakakubli ang simpleng katotohanang ito, at sinuman ay magkakaroon ng kakayahan makita na sa kaibuturan ng ating puso, nakatanim sa bawat tao ang simple at malinaw na paniniwala sa Allah (سبحانه و تعالیٰ). Sa diwa nito, bawat tao ay umaayon na mayroon lamang isang diyos na dapat sambahin, isang diyos na malaya sa anumang pagtatambal, malaya [at malayo] sa pagkakaroon ng kasama, kasalo bilang nag-iisang diyos, na ang anumang bagay na iniaakibat sa Kanya ay kabulaanan [o kasinungalingan] samakatuwid ito ay walang katotohanan.

Ito Na Nga

Sa aklat na ito, ipinakita sa iyo ang matuwid na landas, at ikaw ay pinagkalooban ng Allah (سبحانه و تعالی) ng kakayahang maunawaan ang tama mula sa kamalian. Ikaw ay pinagkalooban ng Allah (سبحانه و تعالی) ng kalayaang pumili kung tatanggapin mo o hindi, ang mensahe ng Islam. Kung tatanggapin mo ang Kanyang paanyaya, ikaw ay tatanggapin Niya sa Parasio. Kung tatanggihan mo ito, ikaw ang mawawalan ng pinakamalaking pagkakataon, ang pagkakait sa iyo ng Paraiso at ang katiyakan ng walang hanggang apoy ng Impiyerno. Pag-isipan mo kung ano ang kahulugan ng **‘walang hanggan’**. Ito ay isang nakakatakot na katotohanan.

Para sa mga matatapat na Kristiyano, kayo ay malugod na inaanyayahang yakapin ang Islam sapagkat:

- ❖ Ipinag-utos ni Hesus (عليه السلام) sa kanyang mga tagasunod na tungkulin nilang sumunod kay Muhammad (صلى الله عليه وسلم) sa oras na siya ay lumitaw [o dumating];⁴⁰

⁴⁰ Para sa karagdagang talakayan: Basahin ang Islam is Your Birthright', Kabanata: 'The Amazing Prophecies of Muhammad in the Bible. Tingnan ang Appendix.

❖ Kapag si Hesus ay babalik bago dumating ang wakas ng mundong ito, siya ay susunod kay Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) at siya ay tatalima sa kanyang mga aral.

Oo, at sapagkat nang siya ay nasa mundo pa, si Hesus (عليه السلام) ay nanawagan sa kanyang mga tagasunod na sundin ito. Sapagkat kanyang susundin ang Islam kapag siya ay muling babalik ditto sa mundo, kaya naman ang lahat ng mga naniniwalang kristiyano ay dapat ding sumunod sa Islam.

Para sa mga Hudyong tapat na naniniwala, alalahanin na sina Abraham at Moses ay ganap na tumalima ng kanilang mga sarili sa kanilang Panginoon, maging sila ay tumawag sa Kanya ng **Elohenu, Diyos, o Allah.** Lahat ng pagpapahalaga sa lahi o angkan ay walang kabuluhan; ang mahalaga ay ang inyong pansariling ugnayan sa inyong Tagapaglikha. Ito ang kahulugan ng Islam – ang ganap na pagtalima [at pagsuko sa nag-iisang Diyos].

Para sa ibang Pananampalataya na hanggang ngayon ay walang anupamang nararamdamang pananalig, isaalang-alang ang mensaheng ito ngayon nang walang pag-aalinlangan bago mahuli ang lahat; bago dumating ang kamatayan. Sino nga ba ang nakakaalam na maaaring ito nalalapit na?

Ang Udyok

Hindi magawang matagpuan ng ibang mga tao ang katotohanan [ng Islam] nang dahil sa kanilang bulag na pagsunod sa kanilang mga paniniwala. Ang kanilang mahigpit na pagkapit o paninindigan ay karaniwang hindi batay sa isang matalinong pang-unawa ng mga aral, kundi sa makapangyarihang kultura at impluwensiya ng damdamin. At sapagkat sila ay nagising sa isang partikular na pamilya o lipunan, sila ay nangunguyapit nang mahigpit sa gayong pananampalataya, kanilang pinaniniwalaan na kanilang pinanghahawakan ang katotohanan.

Mayroong iba na naniniwala sa katotohanan ng relihiyong Islam at sila ay handang yumakap dito. Ngunit, kapag kanilang napag-isipan na sila ay hahantong sa malaking pagbabago sa kanilang mga buhay na maaaring sila ay kapootan ng kanilang pamilya at pamayanan [lipunan] sila ay nag-aalinlangan at nagbabago ang kanilang isipan tungkol sa pagpapasiya.

Ito ay isang udyok at bulong sa kanilang mga tainga:

Anuman ang halaga ng salapi, katanyagan, katayuan, at kapangyarihan na maaaring taglayin ng isang di-naniniwala,

kailanman, siya ay walang sapat na kakayahang bilhin ang kanyang pagpasok sa Paraiso. Sa kabilang-buhay ang mga taong pinakamahirap sa pamumuhay sa mundong ito nguni't sumaksi sa katotohanan ng Islam ay higit na maligaya at higit na marangal kaysa sa pinakamayamang tao na hindi yumakap sa mensahe ng Islam.

Ang pagtanggap o pagtutol] sa mensahe ng Allah (سبحانه و تعالیٰ) ay siyang pinakamabigat na kasalanan na maaaring magawa ng sinuman. Sa dahilang habang ang kaluluwa ng isang di-naniniwala ay nasa kanya pang katawan, ang isang matalinong tao ay nararapat na gamitin ang pagkakataong ito. Habang siya ay nabubuhay ay nararapat niyang tanggapin ang mensahe bago mahuli ang lahat. Ang oras ng pagsisisi [at pagbabalik-loob] ay may hangganan. Kapag ang kamatayan ay dumating na, siya ay imposible ng makatatamo pa ng kapatawaran.⁴¹ Binanggit ng Allah (سبحانه و تعالیٰ) sa Banal na Qur'an ang ganitong kalagayan:

***Qur'an 23:99-100* “[Iyan ang masamang kalagayan ng mga di-naniwala], hanggang, kapag ang kamatayan ay dumating sa isa sa kanila, siya ay magsasabing: “Aking Panginoon, ako ay ibalik [Mong] muli [sa mundo], Upang sakali ako ay makagawa ng mga gawaing matwid na aking**

⁴¹ Hinango mula sa aklat ni Caraballo, *My Great Love for Jesus Led Me to Islam*.

nakaligtaan.” Hindi! Ito ay isang salita lamang na namumutawi [sa kanyang bibig]; at sa kanilang likuran ay isang pagitan [ang barzakh] hanggang sa Araw na sila ay bubuhaying muli...”⁴²

Walang alinlangan na ang relihiyon ay siyang pinakamahalagang aspeto sa buhay ng isang tao sapagkat ito ay palatandaan kung ang isang tao ay matuwid na napatnubayan o hindi. Samakatuwid, ang pagpili ng tunay na pananampalataya ang siyang pinakamahalagang dapat gawin; ang pagpapasiyang ito ay kinakailangang batay sa kalinawan at ganap na pananalig. Kapag nauukol sa relihiyon at paniniwala, walang dapat ipagsawalang-bahala. Ito ay sapagkat ang isang napatnubayan ay tiyak na matatagpuan ang walang hanggang kaligayahan sa kabilang buhay!

Tulad ng pagpapaliwanag [at paglalarawan] sa mga naunang patunay, sinumang nagtataglay ng makatuwirang pag-iisip ay kanyang masusuri at mapangangatuwiran na dumating na ang mabuting pagpapasiya na kung saan ang Allah (سبحانه و تعالیٰ) ay nananawagan [at nag-aanyaya] sa lahat ng tao na sumunod sa malinaw, matuwid na landas at iwasan ang lahat ng nakaliligaw, at liku-likong landas. Ang matuwid na

⁴² Ang mga di-naniniwala ay hihingi para sa ikalawang pagkakataon kapag nakita na nila ang mga anghel na nakahandang magparusa sa kanila nguni't huli na ang lahat; sila ay binigyan na nang sapat na panahon, ng mabuting kaisipan at patnubay, ngunit sila ay nagpabaya hanggang wala nang panahon para sa kanilang pagbabalik-loob.

landas ay naging malinaw na sa ngayon kaysa sa maling landas tulad ng sinabi ng Dakilang Allah (سبحانه و تعالی) sa Banal na Qur'an:

Qur'an 2:256 “Katotohanan, ang matuwid [na landas] ay malinaw kaysa sa lihis [maling landas]. Kaya, sinuman ang di-maniwala sa mga *taaghoot*⁴³ at maniwala sa Allah, tunay na siya ay tumangan sa matibay na hawakan [o sa pananampalatayang] kailanman ay hindi mapuputol. At ang Allah ay Lubos na Nakaririnig, Maalam.”

Binigyang-katiyakan din ito:

Qur'an 2:256 “Walang sapilitan sa [pagtanggap ng] relihiyon. Katotohanan, ang matuwid [na landas] ay malinaw kaysa sa lihis [maling landas]. Kaya, sinuman ang di-maniwala sa mga *taaghoot* at maniwala sa Allah, tunay na siya ay tumangan sa matibay na hawakan [o sa pananampalatayang] kailanman ay hindi mapuputol. At ang Allah ay Lubos na Nakaririnig, Maalam.”

⁴³ ***Taaghoot***. Ang salitang *Taaghoot* ay malawak sa kahulugan. Ang kahulugan nito ay anumang bagay na sinasamba maliban sa Tunay na Diyos [Allah], nguni't ang sinumang hindi sumasang-ayon upang siya ay sambahin ay hindi kabilang dito. Ang isang ***Taaghoot*** ay maaaring ang satanas, o isang rebulto, bato, bituin, propeta, santo o santa, mga anghel, mga tao na sinasamba at itinuring bilang ***Taaghoot***. Kung minsan naman ang salitang ***Taaghoot*** ay tumutukoy sa isang huwad na Hukom na nagbibigay ng huwad na paglilitis o paghatol. [*Tafsir ibn Kathir, at Surah 4:51*]

Tungkulin ko at isang pananagutan ko, bilang isang nilikhang nabubuhay sa mundong ito at bilang isang taong isinuko ang aking malayang kalooban sa batas at mga kautusan ng Kataas-taasang Diyos, na hikayatin [at anyayahan] ang lahat ng tao na lumayo mula sa pagsamba sa mga huwad na diyos, pigilin ang sarili mula sa pananampalataya sa mga estatwa, spinx, mga rebulto, anting-anting at iba pang mga bagay na ginawa ng mga tao o nilikha ng Diyos. Pagkaraan ng pagsisisi, ang isang tao ay dapat tumalima nang lubusan sa kalooban [o kagustuhan] ng Allah (سبحانه و تعالی), ang Nag-iisang Diyos na buong santinakpan.

Paano Ba Maging Isang Muslim?

Bawat relihiyon ay mayroong sariling patakaran para sa pagyakap: Kung ang isang tao ay nagnanais na maging isang Hudyo, kailangan niyang tuparin ang lahat ng mga sumusunod:

- 1) Ang pumasok sa ‘walang hanggang kasunduan’ sa pagitan ng Diyos at mga mamamayan ng Israel at maging Hudyo nang may sariling kalayaan;
- 2) Ang tanggapin ang relihiyong Hudaismo, at itakwil ang lahat ng mga relihiyon at paniniwala, na nanganghulugan ng pagtakwil sa pagiging propeta nina Hesus (عليه السلام) at Muhammad (صلى الله عليه وسلم) at itakwil ang mga kapahayagan na ipidala ng Allah (سبحانه و تعالی) sa sangkatauahn sa pamamagitan nila [nina Hesus at Muhammad];
- 3) Ang manumpa nang buong katapatan sa Hudaismo at sa mga Hudyo sa lahat ng kalagayan;
- 4) Ang ituro ang Torah at ang mga Kaalamang pang-Hudyo; at
- 5) Ang palakihin [at imulat] ang kanyang mga anak bilang mga Hudyo.

Upang maging isang kristiyano, siya ay dapat:

- 1) Maniwala na ang Diyos ay mayroong katambal, may ina at may anak;
- 2) Maniwala na bawat sanggol ay isinalang na makasalanan.
- 3) Maniwala na ang Diyos ay naging tao at bumaba sa lupa upang mamatay para sa kasalanan ng mga tao;
- 4) Itakwil ang pagiging propeta ni Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) nang hayagan; at
- 5) Itakwil na ang Qur'an ay kapahayagang nagmula sa Allah.

Ngunit, ang maging isang Muslim ay simple:

- 1) Magpahayag na walang dapat sambahin maliban sa Allah (سبحانه و تعالی) (at talikdan ang lahat ng mga huwad na diyos);
- 2) Magpahayag na si Muhammad (صلى الله عليه وسلم) ay Kanyang Sugo;
- 3) Maniwala sa anim na haligi ng pananampalataya; at
- 4) Matapat na sumamba sa Allah (سبحانه و تعالی) tulad ng pamamaraang itinuro ni Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم).

Kaya, ang maging isang Muslim ay simple at madaling pamamaraan. Sinumang mayroong tapat na layunin na maging isang Muslim at mayroong ganap na paniniwala na ang Islam ay siyang tunay na relihiyon ng Diyos, wala siyang dapat gawin kundi ang magpahayag ng *shahâdah*, ang pagsaksi ng

pananampalataya. Sa pagpapahayag ng pagsaksing ito nang may katapatan sa puso, ang isang tao ay pumasok sa relihiyong Islam. Ito ang pangunahing pintuang patungo sa Islam.

Si Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) ay nagsabi:

”Sinuman ang sumaksi [at nagpahayag] na walang dapat sambahin maliban sa Allah, na walang katambal at si Muhammad ay Kanyang alipin at Propeta, na si Hesus ay alipin ng Allah, Kanyang Propeta, at Kanyang Salita⁴⁴ na ipinagkaloob kay Maria at isang espiritu na nilikha mula sa Kanya, na ang Paraiso ay totoo, at ang Impiyerno ay totoo, siya ay tatanggapin ng Allah sa paraiso, ayon sa kanyang mga gawain.” (Bukhari)

Ang unang bahagi ng *Shahadatain* [pagsaksi at pagpapahayag] ay binubuo ng mahahalagang salita ng katotohanan na ipinahayag ng Allah (سبحانه و تعالی) sa Kanyang mga Propeta, **“Walang dapat sambahin kundi ang Allah (سبحانه و تعالی).”**

Ipinahayag Niya sa Banal na Qur'an:

⁴⁴ Ito ay nangangahulugan na si Hesus ay nilikha ng Allah sa pamamagitan lamang ng Kanyang makapangyarihang salitang “Maging”, at nang ito ay Kanyang sinabi, ito ay nangyari nga at si Hesus ay nalikha sa loob ng sinapupunan ng kanyang ina, si Maria.

***Qur'an 21:25* “At Kami ay hindi nagpadala ng alinmang sugo na una sa iyo [O Muhammad] malibang Kami ay nagpahayag sa kanya na: “Walang diyos maliban sa Akin, kaya Ako ay inyong sambahin [at wala ng iba].”**

Ang pagtanggap ng pagpapahayag [o pagsaksing] ito ay nagpapahiwatig na ang lahat ng uri ng pagsamba, maging ito man ay pagdarasal, pag-aayuno, panalangin, paghingi ng paglingap [at pagpapakupkop] at pagkatay ng mga hayop bilang pag-aalaya ay nararapat tahasang ituon sa Allah (سبحانه و تعالی) at tanging sa Kanya lamang. Ang paglaan ng anumang uri ng pagsamba sa iba bukod sa Allah [maging ito man ay anghel, o propeta, kay Hesus o kay Muhammad, sa isang santa/santo, isnag estatwa, araw o buwan o isang punongkahoy] ay itinuturing bilang pagsalungat sa pangunahing mensahe ng Islam at ng lahat ng mga propeta. Ito ay kasalanang walang kapatawaran sa kabilang buhay maliban na lang kung siya ay nagsisi bago namatay.

Ang ikalawang bahagi ng *Shahadatain* [pagpapahayag at pagsaksi] ay nangangahulugan na si Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) ay alipin at piniling sugo ng Allah. Ito ay nagpapahiwatig na ang isang tunay na Muslim ay sumusunod at tumatalima sa mga kautusan ng Propeta (صلى الله عليه وسلم) tulad ng binanggit sa kanyang mga tinipong salaysay [Hadith]. Sinuman

ay dapat maniwala sa anumang kanyang sinabi, ipamuhay ang kanyang mga aral [at tagubilin] at iwasan ang anumang kanyang ipinagbabawal sapagkat katotohanan na ang mga hadith ay itinuturing na mga kapahayagan at inspirasyon na ipinagkaloob ng Allah (سبحانه و تعالى) sa kanya.

Tulad nang unang nabanggit, si Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) ay isinugo upang isabuhay nang makatotohanan ang aral ng Qur'an sa pamamagitan ng kanyang mga salita, mga gawa, mga pagbabatas at maging ang lahat ng iba pang pamamaraan ng buhay. Si Â'ishah (رضي الله عنها), ang asawa ng Propeta (صلى الله عليه وسلم), nang siya ay tanungin tungkol sa pag-uugali [ni Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم)] ay sumagot:

“Katotohanan, ang ugali ng Sugo ng Allah ay ang Qur'an.”
(sinipi mua sa aklat nina Muslim at Abu Dâwood)

Kaya naman, upang tunay na manindigan sa ikalawang bahagi ng *shahâdah*, sundin ang kanyang halimbawa sa lahat ng kalakaran ng buhay. Ang Dakilang Allah (سبحانه و تعالى) ay nagsabi:

***Qur'an 3:31* Sabihin mo [sa kanila O Muhammad]: “Kung [tunay ngang] kayo ay nagmamahal sa Allah, magkagayon ako ay inyong sundin, [at] kayo ay mamahalin ng Allah at Kanyang patatawarin ang inyong mga kasalanan. At ang Allah ay Mapagpatawad, Maawain.”**

Ang isang tunay na Muslim ay nararapat hubugin ang kanyang buhay at ugali at tularan ang Propeta (صلى الله عليه وسلم), sapagkat siya ang halimbawa para sa mga tao upang sundin. Sinabi ng Allah (سبحانه و تعالی) sa Kanyang Propeta (صلى الله عليه وسلم):

***Qur'an 68:4* “At katotohanan, ikaw ay nagtataglay ng dakilang pag-uugali [o huwaran sa kagandahang asal].”⁴⁵**

Sinabi rin ng Dakilang Allah (سبحانه و تعالی) sa lahat ng tao:

***Qur'an 33:21* “Katiyakan, mayroon para sa inyo sa [katauhan ng] Sugo ng Allah ang isang mahusay na halimbawa para sa sinumang umaasa sa [pakikipagtipan sa] Allah at sa Huling Araw, at [na] sa tuwina ay nag-alaala sa Allah.”**

Sa pagpasok sa relihiyong Islam, ang lahat ng mga nagawang kasalanan ay napatawad; sinuman ay magsisimula sa panibagong buhay sa kabanalan at kabutihan sapagkat, [sa diwa ng Islam], ito ay isang pahiwatig ng pagsisisi mula sa mga gawain at mga paniniwala ng kanilang naunang buhay. Sinabi ng Propeta (صلى الله عليه وسلم) sa isang tao, na naglagay ng kondisyon kay Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) para sa

⁴⁵ Si Sa'd bin Hisham ay nagtanong kay Aishah tungkol sa asal o ugali ng Sugo ng Allah ﷺ, siya ay sumagot; “Hindi mo ba binasa ang Qur'an? Si Sa'd ay sumagot: “Binasa ko” Kaya, siya [si Aishah] ay nagsabi: “Katotohanan, ang ugali ng Sugo ng Allah ay ang Qur'an.” [At Tabari 23-529]

kanyang pagyakap sa Islam na siya ay patawarin ng Allah (سبحانه و تعالی) sa kanyang mga kasalanan:

“Hindi ba ninyo nalalaman na ang pagyakap [o pagtanggap] sa Islam ay nagpapawalang-saysay [o nagpapatawad] ng lahat ng kasalanan na inyong nagawa noon [bago ka yumakap sa Islam]?” (Muslim)

Sa sandaling yumakap sa Islam ang isang tao, siya ay malaya mula sa lahat ng mga kasalanang kanyang nagawa bago niya tinanggap ang Islam. Ang kanyang mga kasalanan sa talaan ng mga gawa ay magiging malinis, at siya ay wari bang isang sanggol na bagong silang sa oras na iyon. Pagkaraan, sinuman ay nararapat na gawin ang lahat ng kanyang makakayanan upang mapanatiling malinis ang kanyang talaan ng gawa at nararapat ding magpunyagi [o magsikap] gumawa ng maraming mabubuting gawain; sapagka't ang paggawa ng mga mabubuting gawain ay higit na may pagkakataong maitaas ang sarili sa kalagayan sa Paraiso.

Muli, dapat bigyang-diin na ang pagtanggap [at pagyakap] sa Islam ay hindi nangangahulugan na pagtalikod sa mga mensahe ng mga naunang propeta. Bagkus, ito ang katuparan ng lahat ng mga mensahe. Samakatuwid, kung ikaw ay isang Hudyo o isang Kristiyano, ang pagtanggap sa Islam at

pagsunod kay Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) ay katuparan ng mga mensaheng dinala nina Propeta Moises at Hesus.⁴⁶

Gayunpaman, ang pagtanggap sa Islam ay hindi lamang pagtalikod kay Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) kundi pagtalikod din sa mga naunang propetang (tulad nina Moises at Hesus). Ito ay malinaw na paglabag sa kanilang mga mensahe na naghahatid upang maglaho ang pag-asang matamo nito ang Paraiso sa kabilang buhay.

Nasa sa iyo ang pagpapasiya para sa iyong sariling tahanan sa kabilang buhay. Hangad ko ang lahat ng pinakamabuti para sa iyo!

⁴⁶ Tulad ng naunang binanggit, ang mahalagang bagay na ito ay pinatunayan sa iba't ibang paksa na may pamagat sa Ingles na 'Muhammad in the Bible'. Ito ay makikita sa Internet at mga pamilihing aklat.

Ang Buod.....

Ipinaliwanag sa aklat na ito ang katayuan ni Propeta Hesus (عليه السلام) tulad ng binanggit mula sa mga kapahayagan ng Islamikong Batayan [ang Qur'an at Hadith ni Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) at maging sa mga talata ng Bibliya [sa Bagong Tipan] na iniugnay bilang mga nalalabing totooong salita ni Propeta Hesus (عليه السلام).

Nawa'y ang liwanag ng katotohanan ay suminag sa inyong mga kaisipan at sa inyong mga puso. Nawa'y akayin kayo nito tungo sa kapayapaan at katiyakan sa buhay na ito at sa walang hanggang kaligayahang naghihintay sa kabilang buhay.

Malugod na Gumagalang,

Majed S. Al-Rassi

Mobile: 00966 (0) 505906761

e-mail: majed.alrassi@gmail.com

Bibliograpiya

Arfaj, Dr. Naji I., *Seeking The Truth Series*, ipinamahagi ng may-akda (seekkfu.edu.sa)

Badawi, Dr. Jamal, *Muhammad in the Bible*, Halifax, Canada: Islamic Information Foundation (IIF).

Caraballo, Simon Alfredo [Muhammad bin Abdullah Caraballo], *My Great Love for Jesus Led Me to Islam*, Saudi Arabia: Jubail *Da'wah* & Guidance Centre, 2009.

Deedat, Dr. Ahmed, *Christ in Islam*, Durban, RSA: Islamic Propagation Centre International.

Al-Johani, Dr. Manee Hammad, *The Truth about Jesus*, UK: World Assembly of Muslim Youth (WAMY).

Philips, Abu Ameenah Bilal, *The True Message of Jesus Christ*, Riyadh: International Islamic Publishing House, 2006.

Philips, Abu Ameenah Bilal, *The True Religion of God*, Jeddah: Dar al-Khair, 1992.

Saheeh International, *The Qur'an: Arabic Text with Corresponding English Meaning*, Jeddah: Abul Qâsim Publishing House, 1997.

Para sa Mga Karagdagang Kaalaman Tungkol sa Islam

Maaaring basahin ang mga aklat na ito na nasa wikang Ingles.

Ataur-Rahim, Muhammad and Thomson, Ahmad, *Jesus, Prophet of Islam*, New York: Tahrike Tarsile Qur'an, 1996.

Baagil, H. M., *Christian-Muslim Dialogue*, Riyadh: International Islamic Publishing House, 2005.

Bucaille, Maurice, *The Qur'an and Modern Science*, Riyadh: International Islamic Publishing House, 2005.

Caraballo, Simon Alfredo [Muhammad bin Abdullah Caraballo], *My Great Love for Jesus Led Me to Islam*, Saudi Arabia: Jubail Da'wah & Guidance Centre, 2009.

Ibrahim, I. A., *A Brief Illustrated Guide to Understanding Islam*, Houston, TX: Darussalam Publishers and Distributors, 1999. Ito ay makikita rin sa www.islam-guide.com.

Al-Johani, Dr. Manee Hammad, *The Truth about Jesus*, UK: World Assembly of Muslim Youth (WAMY).

Khan, Maulana Wahiduddin, *God Arises*, Riyadh: International Islamic Publishing House, 2005.

Khan, Abdul Waheed, *The Personality of Allah's Last Messenger*, 2nd ed., Riyadh: International Islamic Publishing House, 2007.

LeBlanc, Abdul-Malik, *The Bible Led Me to Islam*, Toronto: Al-Attique Publications.

Philips, Abu Ameenah Bilal, *The Purpose of Creation*, Riyadh: International Islamic Publishing House, 2006.

Philips, Abu Ameenah Bilal, *The True Message of Jesus Christ*, Riyadh: International Islamic Publishing House, 2006.

Pickthall, Mohammed Marmaduke, *The Meaning of the Glorious Qur'an*, Hyderabad-Deccan: Government Central Press, 1938.

Al-Rassi, Majed ibn Sulaiman, *Who Deserves to be Worshipped*, Riyadh: Darussalam Publishers and Distributers.

Al-'Uthaymeen, Shaykh Muhammad ibn Saalih, *Explanation of the Three Fundamental Principles of Islaam*, UK: Al-Hidaayah Publishing and Distribution, 1997.

Maaari kayong sumangguni sa mga sumusunod na websites para sa karagdagang kaalaman at yamang kapaki-pakinabang ng pagbabasa:

Ang Mga Kaalaman Tungkol sa Islam [nasa On-line]:

www.islamfortoday.com

www.islam-guide.com

www.islamonline.net

www.islam-qa.com

www.islamtomorrow.com

www.missionislam.com

www.themodernreligion.com

www.witness-pioneer.org

www.youngmuslims.ca

Ang Mga Aklatan [nasa On-line]:

www.al-hidaayah.co.uk

www.dar-us-salam.com

www.iiphonline.com

www.soundvision.com

Talahulugan Ng Mga Katagang Ginagamit Sa Islam*

<i>Da'wah</i>	دعوة	Pagpapalaganap, panawagan at panghihikayat para sa pag-aaral ng Islam at paanyaya sa tao upang tanggapin at yakapin ang relihiyong Islam
<i>Hadith (hadeeth)</i>	حديث	Mga tinipong salaysay, kasabihan at gawa ng Propeta Muhammad (صلى الله عليه وسلم) bilang isa sa mga batayan ng Batas ng Islam bukod sa Qur'an
<i>Jizyah</i>	جزية	Isang buwis na ipinapataw para sa mga taong di-Muslim na naninirahan sa ilalim ng pangangasiwa ng

* Ang mga salita mula sa wikang Arabe ay isinatitik [transliterated] nang ayon sa pamantayan ng Talanguhit para Sa Pagsasatitik na matatagpuan sa aklat na ito. Kung ang isang salita ay naging bahagi ng wikang Ingles (i.e., natagpuan sa isang talahulugan ng *Standard English*), ang gayong pagbabaybay [spelling] ay ginamit sa aklat na ito at ito ay unang ipinakita sa Talahulugan nito, sa anyo ng pagsasatitik [*transliteration form*] sa panaklong pagkaraan. Ang mga talata ng Qur'an ay sinipi mula sa tagalog Tafsir [ng Qur'an] na isinalin ng Lupon ng Tagasalin [Ahmad Jibreel Salas at mga kasamahang nagsipagtapos ng Islamic Studies sa mga Universidad ng Kingdom of Saudi Arabia.

		pamahalaang Muslim.
<i>Tâghoot</i>	طاغوت	idolo; lahat ng bagay na sinasamba bukod sa Allah (سبحانه و تعالی)
<i>Zakât (zakâh)</i>	زكاة	Tungkuling pangkawanggawa: isang 'buwis-kawanggawa sa mga yamang dapat bayaran ng mga Muslim at pagkaraan ay ipinamamahagi sa mga mahihirap na may karapatang tumanggap nito.